

A Convergent Parallel Study sa Culturally Responsive Teaching at Interest sa Wika ng mga Mag-aaral sa Edukasyon na nasa Ikatlong-Taon

Ricalyn L. Escale

Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology

ABSTRACT : Ang pag-aaral na ito ay nag-imbestiga sa epekto ng culturally responsive teaching na tumutugon sa kultura sa interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wika, partikular sa mga estudyanteng nasa ikatlong taon ng edukasyon. Ang pangunahing layunin nito ay tukuyin ang ugnayan sa pagitan ng mga estratehiyang nakabatay sa kultura sa pagtuturo at ng motibasyon at pakikisangkot ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wika. Gumamit ito ng isang convergent parallel mixed methods design na nagsasama ng datos mula sa parehong quantitative at qualitative na mga mapagkukunan. Ang bahaging quantitative ay nasa anyo ng mga survey questionnaire na na-analisa gamit ang statistical correlation, habang ang qualitative na datos ay nakolekta sa pamamagitan ng mga panayam at thematic analysis. Ipinakita ng mga natuklasan na mayroong makabuluhang positibong ugnayan sa pagitan ng paggamit ng mga estratehiyang nakabatay sa kultura sa pagtuturo at mas mataas na interes at aktibong pakikisangkot ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wika. Natuklasan sa pananaliksik na ang mga mag-aaral ay nagiging mas masigla at tiwala sa pag-aaral kapag ang mga aktibidad sa silid-aralan ay may kaugnayan sa kanilang kultura. Ang karaniwang konklusyon mula sa pag-aaral ay ang integrasyon ng mga kultural na pagkakakilanlan sa pagtuturo ng wika ay nagreresulta sa mas mataas na motibasyon at epektibong pag-aaral. Ang mga natuklasan ay isang makabuluhang kontribusyon sa larangan ng edukasyon, lalo na sa larangan ng pagbuo ng mga estratehiya sa pagtuturo sa edukasyon ng wika sa pamamagitan ng katanggap-tanggap na pamamaraan. **KEYWORDS** – edukasyon, culturally responsive teaching, interes sa wika, pagsusuring korelasyon, pilipinas

L. INTRODUKSYON

Sa paglipas ng panahon, mas lalong nagiging hamon sa mga guro ang pagpapataas ng interes ng mga estudyante sa pag-aaral ng wika, lalo na sa mga kursong edukasyon. Kadalasang hindi sapat ang tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo upang maengganyo ang mga mag-aaral na aktibong makilahok at linangin ang kanilang kasanayan sa wika. Sa kontekstong ito, lumalabas ang pangangailangan para sa isang mas inklusibong paraan ng pagtuturo ang Culturally Responsive Teaching na isinasalang-alang ang kultura, wika, at pinagmulan ng mga estudyante upang mapalalim ang kanilang pag-unawa at interes sa asignatura. Gayunpaman, nananatiling limitado ang kaalaman at paggamit ng ganitong pedagogical approach, lalo na sa mga pampublikong kolehiyo sa mga lalawigan gaya ng Kapalong College of Agriculture, Science and Technology (Taga-an, 2021).

Sa pandaigdigang konteksto, patuloy na isinusulong ang Culturally Responsive Pedagogy (CRP) bilang isang epektibong pamamaraan upang maisulong ang pagkatuto ng wika at kultura sa mga multilinggwal na bansa gaya ng Estados Unidos. Sa mga bansang may mataas na antas ng migrasyon at pagkakaiba-iba ng lahi, katulad ng mga classroom na gumagamit ng Content and Language Integrated Learning (CLIL) approach, pinatunayan ng mga eksperto na mas nagiging matagumpay ang mga mag-aaral sa kanilang kasanayang pangwika kapag ang pagtuturo ay nakaangkla sa kanilang sariling karanasan, identidad, at kultura. Sa pamamagitan nito, nabibigyan ang mga mag-aaral ng pantay na oportunidad sa edukasyon at trabaho sa hinaharap (Cummins, 2021).

Sa konteksto ng Pilipinas, partikular sa Lungsod ng Cavite, ang paglitaw ng isang culturally responsive na silid-aralan ay itinuturing na isang mahalagang bahagi ng mga reporma sa tertiary education. Ang mga guro sa lungsod ay kinakailangang magsagawa ng mga estratehiya na may kaugnayan sa konteksto ng lokal na mga mag-aaral upang mapalakas ang kanilang interes sa wika. Ang mga pambansang patakaran tulad ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) ay nagpapakita ng mga layunin ng pagsasama ng kultura pati na rin ang wika ng bawat komunidad sa proseso ng pagkatuto. Gayunpaman, sa kabila ng mga repormang ito, marami pa ring hamon na kinakaharap ang pagpapatupad ng mga patakaran, lalo na sa mga rural na lugar at yaong may mababang antas ng edukasyon. Ito ang dahilan kung bakit mahalaga ang pag-unawa sa ugnayan sa pagitan ng culturally responsive teaching at interes sa wika, upang matukoy kung paano mapapalakas ang mga kasanayan sa wika ng mga estudyante kasabay ng kanilang pakikilahok sa proseso ng edukasyon (Dizon, 2020).

Ang pananaliksik na ito ay naging mahalaga sa gitna ng patuloy na reporma sa sistema ng edukasyon, kung saan higit na kinakailangan ang mga estratehiyang makapagpapataas sa kalidad ng pagtuturo, partisipasyon ng mag-aaral, at kasanayang pangwika. Lalo itong nagiging relevant sa mga institusyong tulad ng Kapalong College of Agriculture, Science and Technology (KCAST), kung saan matatagpuan ang mga mag-aaral na mula sa iba't ibang etnolingguwistikong pinagmulan. Ang pagtuturo na hindi tumutugon sa kanilang identidad ay maaaring humantong sa mababang motibasyon, hindi aktibong pakikilahok, at limitadong pag-unlad sa wika. Kaya't mahalagang matukoy ang mga epektibong pamamaraan upang mapahusay ang pagtuturo at magbigay ng mas inklusibong karanasan sa edukasyon.

Ilang pag-aaral na ang naisagawa na nakatuon sa pagbuo ng epektibong silid-aralan na tumutugon sa wika at kultura. Sa "The Role of Language in Cultivating a Positive Classroom Culture" ni Jones (2018), ipinakita kung paano nakatutulong ang wika sa paghubog ng positibong kapaligiran sa pagkatuto. Sa "Student of Tertiary Education" ni Cruz (2020), binigyang-diin ang papel ng wika sa aktibong pakikilahok ng mga estudyante bilang tagapagsalita at tagapakinig. Tinalakay naman nina Garcia at Wei (2020) sa "Language Sensitivity in Classroom Interaction" ang kahalagahan ng sensitibong wika sa pagbuo ng koneksyon sa pagitan ng guro at mag-aaral. Inilad din ni Mendoza (2023) sa "Enhancing Language Participation through Culture-Based Activities" na lumalalim ang interes ng mag-aaral kapag ang wika ay iniuugnay sa kanilang konteksto at kultura. Samantala, tinukoy ni Navarro (2020) sa "Integrating Local Culture in Language Teaching" na ang paggamit ng lokal na kultura sa mga materyales ay epektibong nakapagpapataas ng partisipasyon ng mga mag-aaral. Bagaman may mga naunang pag-aaral tungkol sa culturally responsive teaching, kakaunti pa lamang ang mga pananaliksik na partikular na sumusuri sa direktang epekto ng culturally responsive teaching sa interes at kasanayan sa wika ng mga mag-aaral sa antas tersyarya lalo na

sa kontekstong probinsya tulad ng Davao del Norte. Kaya naman, layunin ng pananaliksik na ito na punan ang agwat na ito sa literatura sa pamamagitan ng convergent mixed-method approach, upang makalikom ng tiyak at konkreong datos mula sa mga ikatlong taon na estudyante ng kursong edukasyon sa KCAST.

Upang matiyak ang praktikal na gamit ng mga resulta ng pananaliksik, ipapamahagi ang mga natuklasan sa pamamagitan ng mga seminar, research colloquium, at faculty development sessions sa loob ng KCAST. Magkakaroon din ng stakeholder meetings upang maipaliwanag ang mga aplikasyon ng resulta sa aktwal na pagtuturo, at hikayatin ang partisipasyon ng mga guro, tagapangasiwa, at mag-aaral. Layunin ng diseminasyong ito na hindi lamang makapagbahagi ng akademikong kaalaman kundi makapaglatag din ng konkreong mga hakbang para sa mas inklusibong at makabuluhang pagtuturo ng wika sa kolehiyo.

II. LAYUNIN NG PANANALIKSIK

Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay tukuyin at suriin ang antas ng interes sa wika ng mga mag-aaral sa ikatlong taon ng kursong edukasyon sa Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST). Gamit ang sarbey at pakikipanayam bilang pangunahing pamamaraan sa pangangalap ng datos, layunin ng pag-aaral na matukoy kung paano nakaaapekto ang mga estratehiya sa pagtuturo ng guro, ang kapaligiran ng pagkatuto, at ang mga pattern ng interaksyon sa pagitan ng guro at mag-aaral sa paghubog ng interes at kasanayan sa wika. Sa pamamagitan ng convergent parallel design, layon din ng pananaliksik na tukuyin ang mga salik na nakaaapekto sa proseso ng pagkatuto at kung paano ito mapapabuti sa pamamagitan ng pagdisenyo ng isang culturally responsive na silid-aralan.

Naglalayon din itong suriin kung paano ang interaksyon ng guro-estudyante at estudyante-estudyante, kung paano nakakatulong o nakakahadlang sa pag-unlad ng kasanayan sa wika at kung ano ang mga epekto nito sa akademikong pagganap. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong bumuo ng mga rekomendasyon na makatutulong sa mga guro at mga administrador sa edukasyon ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST) at iba pang mga komunidad na may mga estudyanteng mula sa iba't ibang lingguwistiko a kultural na background. Ang mga rekomendasyong ito ay tutok sa pagpapabuti ng mga metodolohiya ng pagtuturo ng wika, pati na rin ang mga mungkahi kung paano bumuo ng isang silid-aralan na tumutugon sa mga pangangailangan sa motibasyon at edukasyon ng mga estudyante upang matulungan silang matuto ng mga wika nang may interes at kadalian.

Mga Tanong sa Pananaliksik

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay tuklasin ang lawak ng pagpapatupad ng culturally responsive teaching at interes sa wika ng mga estudyante sa edukasyon na nasa ikatlong taon sa Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST). Ito ay nagsilbing batayan para sa pagbuo ng mga hakbang upang mapalakas ang interes ng mga estudyante sa mga wika sa pamamagitan ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Partikular, ang pag-aaral ay naglalayon na sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang antas ng culturally responsive teaching at interes sa wika ng mga mag-aaral?
2. Ano ang relasyon sa pagitan ng culturally responsive teaching at interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wika?
3. Ano ang mga karanasan at estratehiyang ginagamit ng mga mag-aaral upang mapanatili o mapataas ang kanilang

interes sa wika?

4. Ano ang pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa epekto ng culturally responsive teaching sa kanilang interes sa wika?

5. Sa anong antas nagtutugma ang kwalitatibo at kwantitatibong datos tungkol sa epekto ng culturally responsive teaching sa interes ng mga mag-aaral sa wika?

III. PAMAMARAAN

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng *mixed-methods approach* upang pag-aralan ang isyu, na pinagsama ang mga kwalitatibo at kwantitatibong bahagi upang makapagbigay ng komprehensibong pag-unawa sa paksa. Mahalaga ang integrasyon ng mga metodong ito sa pagpapalakas ng *mixed-methods* na pananaliksik dahil ito ay maaaring mangyari sa iba't ibang bahagi ng proseso ng pag-aaral. Ang terminong "*mixing*" ay tumutukoy sa pagsasama ng mga kwalitatibo at kwantitatibong pamamaraan upang magbigay ng mas kumpleto at masusing pananaw sa isyung pinag-aaralan (Halcomb & Hickman, 2022).

Ayon kay Bryman (2007), ang *mixed-methods* na pananaliksik ay may mahalagang papel sa pananaliksik na higit pa sa simpleng pagpapatibay. Pinapakita nito ang integrasyon ng iba't ibang pamamaraan ng pananaliksik na nagreresulta sa isang komprehensibo at holistikong pananaw sa paksa ng pag-aaral. Ang diskarte na ito ay hindi lamang nagpapatibay sa pananaliksik, kundi nagiging daan din upang mas malalim na maunawaan ang phenomena na iniimbestigahan. Sa pamamagitan ng pagsasama ng mga resulta mula sa iba't ibang pamamaraan, ang mga mananaliksik ay may pagkakataong makakita ng mga bagong pananaw na maaaring hindi natukoy sa pamamagitan ng isang solong metodolohiya.

Ang disenyo ng pananaliksik na pinili para sa pag-aaral na ito ay isang *convergent parallel mixed method*. Sa disenyo na ito, ang parehong uri ng datos ay kinokolekta nang sabay at binibigyan ng pantay na prayoridad. Ang *survey* ay kinolekta muna, sinundan ng mga *focus group* o *one-on-one interview*. Ang dalawang *set* ng datos ay isinasagawa ng hiwalay na pagsusuri at pagkatapos ay pinagsasama, at ang pinagsamang resulta ay ipinaliwanag. Ang disenyo na ito ay angkop sa pag-aaral na ito dahil layunin nitong tuklasin ang mga *convergence*, *divergence*, kontradiksiyon, o relasyon sa pagitan ng dalawang pinagkukunan ng datos (Hanson et al., 2005).

Ang *convergent parallel design*, na kilala rin bilang *convergent triangulation design*, ay nagsasangkot ng sabayang pagpapatupad ng parehong kwantitatibo at kwalitatibong mga pag-aaral sa parehong Bahagi ng proseso ng pananaliksik. Sa disenyo na ito, ang parehong metodolohiya ay may pantay na kahalagahan, kaya't parehong gumaganap ng mahalagang papel sa pagtalakay sa problema ng pananaliksik. Pinapanatili nito ang kalayaan ng mga pag-aaral sa panahon ng pangangalap at pagsusuri ng datos at pagkatapos ay pinagsasama o pinagsasama ang mga resulta sa pangkalahatang interpretasyon (Petrosyan, 2018).

Upang magkaroon ng komprehensibong pag-unawa sa paksa, isinagawa ang pag-aaral na ito gamit ang *convergent parallel design*, isang *mixed-method design*. Ang proseso ng pananaliksik ay maaaring ilarawan sa pamamagitan ng dalawang bahagi: kwalitatibo at kwantitatibo (Morse, 1991). Sa isang *convergent parallel design*, ang mananaliksik ay sabay na nagsasagawa ng kwantitatibo at kwalitatibong mga elemento sa parehong bahagi ng proseso ng pananaliksik, binibigyan ng pantay na timbang ang mga metodolohiya, isinasaalang-alang ang parehong bahagi nang hiwalay, at ipinapaliwanag ang mga resulta nang magkakasama. Layunin ng mananaliksik na mag-*triangulate* ng mga metodolohiya para sa pagpapatibay at pagpapatunay sa pamamagitan ng direktang paghahambing ng mga kwantitatibong estadistikal na resulta at kwalitatibong mga natuklasan. Sa proseso ng pananaliksik, dalawang *data set* ang nakolekta, isinagawa ang hiwalay na pagsusuri, at ikinumpara (Demir & Pismek, 2018).

Sa ilalim ng *convergent parallel design*, ang mga datos mula sa mga kwalitatibong pinagkukunan tulad ng online na interbyu (*Google meet*), *screen recordings*, at mga transkripsyon ay kinolekta kasabay ng mga kwantitatibong datos na nakuha mula sa isang *survey questionnaire*. Ang mga datos na ito ay isinuri ng sabay upang tuklasin ang mga *pattern* at pananaw. Para sa kwalitatibong bahagi, ginamit ang pakikipanayam at *thematic analysis* upang suriin ang mga karanasan ng mga mag-aaral hinggil sa implementasyon ng *culturally responsive teaching* sa kanilang silid-aralan. Para naman sa mga kwantitatibong datos, isinagawa ang estadistikal na pagsusuri upang makuha ang mga resulta ng profiling, karanasan ng mga mag-aaral, at mga makabuluhang pagkakaiba sa antas at lawak ng pag-impluwensya ng mga kwantitatibong datos sa kwalitatibong pagsusuri.


Talahanayan 3
Antas Sa Culturally Responsive Teaching

Baryabol at mga Palatandaan	Karaniwang Halaga	Deskripsyon
Pamamaraan ng pagtuturo		
1. nagpapaliwanag ng aming pinag-aaralan sa iba't ibang paraan upang matulungan kaming matuto.	1. 4.13	2. Mataas
2. sinusubukan na makipag-ugnayan sa aking mga magulang tungkol sa aking mga grado at sa aking mga natutunan.	4.01	Mataas
3. tinatrato ang lahat ng mga estudyante na parang mahalagang bahagi ng klase.	4.11	Mataas
4. sinusubukang alamín kung ano ang mga interes ko.	4.15	Mataas
5. gumagamit ng mga halimbawa na kawili-wili upang matulungan kaming matuto.	4.05	Mataas
Kategorya ng Karaniwang Halaga	4.09	Mataas
Pakikilahok sa kultura		
1. gumagamit ng halimbawa mula sa aking kultura.	3.99	Mataas
2. nagpapakita ng interes sa aking kultura sa pamamagitan ng pagsasama nito sa aralin.	4.09	Mataas
3. nagtatanong tungkol sa mga paraan kung paano naiiba ang kultura ng mga estudyante.	4.12	Mataas
4. tumutulong sa mga estudyante na matuto tungkol sa iba't ibang kultura ng kanilang kamag-aral.	4.00	Mataas
5. tinatalakay kung paano minsan ay hindi nauunawaan ang mga tao mula sa iba't ibang kultura.	4.08	Mataas
Kategorya ng Karaniwang Halaga	4.06	Mataas
Pagpapahalaga sa iba't ibang wika		
1. nakikipag-usap sa akin sa iba't ibang estudyanteng nagsasalita ng Filipino/Bisaya.	4.04	Mataas
2. nagtuturo gamit ang paliwanag na nakakaantig at malinaw sa wikang Filipino/Bisaya.	4.07	Mataas
3. pinapayagan ang mga estudyante na magsalita ng Filipino/Bisaya sa ilang pagkakataon sa klase.	4.03	Mataas
4. sumusuporta sa mga estudyante na mapanatili ang kanilang kultura at wikang kinagisanan.	4.10	Mataas
5. tumutulong sa pagkonekta ng mga agwat sa wika sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang paraan ng pagtuturo.	4.04	Mataas
Kategorya ng Karaniwang Halaga	4.05	Mataas
Kabuuan	4.07	Mataas

Samakatuwid, gumamit ang pananaliksik ng isang *descriptive-comparative* na pamamaraan, na kinabibilangan ng paghahambing at pagsusuri ng mga nakolektang resulta upang makapagbigay ng mga makabuluhang konklusyon. Sa pamamagitan ng paggamit ng parehong kwantitatibo at kwalitatibong mga metodolohiya sa pananaliksik, layunin ng pag-aaral na ito na mapalawak ang ating pag-unawa sa implementasyon ng responsibong silid-aralan at ipamahagi ang mga estratehiya at teknik na maaaring gamitin sa mga mag-aaral ng *Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology (KCAST)* Gayundin, ang *phenomenological inquiry* ay ginamit sa pag-aaral upang higit pang paunlarin ang kalidad ng frame ng kwalitatibong analisis. Ang metodolohiyang ito ay nakatulong sa pagtuklas at pag-unawa sa makulay na kapaligiran na nabubuo sa mga karanasan ng mga kalahok. Ang *phenomenology* ay nakatuon sa mga karanasang pareho sa isang partikular na grupo ng tao. Karaniwan, ang mga interbyu ay isinagawa sa isang grupo ng mga indibidwal na may direktang kaalaman hinggil sa isang pangyayari, sitwasyon, o karanasan. Ginamit din ang iba pang mga anyo ng datos tulad ng mga dokumento at obserbasyon (Creswell, 2013).

Sa kabilang banda, ang kwalitatibong bahagi ng pag-aaral na ito ay gumamit ng *phenomenological* na pamamaraan, na naglalaman ng *epistemological* na perspektibo na kumikilala sa bisa ng maraming mga subhetibong katotohanan. Ang mga pamamaraan ng pagkolekta ng kwalitatibong datos tulad ng focus group *discussions* o *one-on-one interview* ay ginamit nang maayos upang kunin ang mga pananaw tungkol sa mga sosyal na normatibo ng komunidad, punan ang mga datos na nakuha mula sa malalim na mga interbyu, at magtakda ng mga tema batay sa mga nakalap na datos mula sa mananaliksik (Groenewald, 2004).

Ipinakita sa Figure 2 ang *convergent parallel mixed method design* na ginamit sa pag-aaral na ito. Ang disenyo na ito ay nagpapakita ng hiwalay na pangangalap at pagsusuri ng parehong kwantitatibo at kwalitatibong datos. Sa kabila ng unang segregasyon, ang kasunod na hakbang ay ang pagsasama-sama ng dalawang *database*, na nagpapadali sa komprehensibong pagsusuri upang tuklasin ang mga punto ng *convergence* at *divergence* sa mga datos. Ang integratibong pamamaraang ito ay layuning magbigay ng mas holistic na pag-unawa sa mga tanong ng pananaliksik at mapalakas ang kabuoang lalim ng mga natuklasan ng pag-aaral.



IV.RESULTA AT TALAKAYAN

Antas ng Pagpapatupad ng Culturally Responsive Teaching (CRT) Batay sa Pamamaraan ng Pagtuturo. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay nagpapakita na ang antas ng pagpapatupad ng *Culturally Responsive Teaching* (CRT) batay sa pamamaraan ng pagtuturo ay nasa mataas na antas. Sinuri ang iba't ibang aspekto ng kasalukuyang pagpapatupad ng mga estratehiya sa pagtuturo, kung saan karamihan sa mga bilang ay may mataas na *mean score* na nagpapahiwatig na ang mga ito ay madalas na ipinatutupad.

Ang kabuoang *mean score* na 4.09 ay nagpapakita ng mataas na antas ng pagpapatupad, na nangangahulugan na ang mga guro ay karaniwang gumagamit ng mga interaktibong pamamaraan sa pagtuturo sa loob ng silid-aralan na nagpapakita ng malasakit sa mga mag-aaral lalong-lalo na sa mga estudyanteng may iba't ibang uri ng paraan para mapanatiling pokus sa diskusyon. Ang pinakamataas na mean ay 4.15, na nangangahulugan na ang mga guro ay madalas sa bilang 4 – na *sinusubukang alamin kung ano ang mga interes ng kanilang mga estudyante* upang maiangkop ang mga aralin sa kanilang pangangailangan. Samantala, ang pinakamababang mean ay 4.01, na tumutukoy sa pagsisikap ng mga guro sa bilang 2 - na *sinusubukan na makipag-ugnayan sa mga magulang ng estudyante tungkol sa kanilang grado at pagkatuto*, isinasagawa ito ngunit may puwang pa para sa pagpapabuti. Nangangahulugan na ito ay madalas na ipinapakita.

Antas ng Pagpapatupad ng Culturally Responsive Teaching Batay sa Pakikilahok sa Kultura

Ipinapakita ng resulta ng pananaliksik na ang antas ng pagpapatupad ng pakikilahok sa kultura sa loob ng silid-aralan ay nasa mataas na antas. Ang iba't ibang aspekto ng pakikilahok sa kultura ay sinuri, at karamihan sa mga bilang ay nakakuha ng mataas na *mean score* na nagpapahiwatig na ito ay madalas na ipinatutupad sa pagtuturo.

Ang kabuoang *mean score* na 4.06 ay nagpapakita na ang mga guro ay madalas na nagsasama ng mga kontekstong pangkultura sa kanilang pagtuturo. Ang pinakamataas na mean ay 4.12, na nangangahulugan na karaniwan sa mga guro sa bilang 3 - ay *nagtatanyag tungkol sa mga pamamaraan kung paano naiiba ang kultura ng mga estudyante* upang mapalawak ang pag-unawa sa pagkakaiba-iba ng lahi at tradisyon. Ang pinakamababang mean naman ay 3.99, na tumutukoy sa mga guro sa bilang 1 - sa *paggamit ng halimbawa mula sa kultura ng estudyante*, na nangangahulugan ito ay ipinatutupad ngunit maaari pang palakas sa pamamagitan ng pagsasama ng mga lokal na konteksto sa mga aralin. Nangangahulugan na ito ay madalas na ipinapakita.

Antas ng Pagpapatupad ng Culturally Responsive Teaching Batay sa Pagpapahalaga sa Iba't Ibang Wika. Batay sa resulta ng pananaliksik, lumabas na ang antas ng pagpapahalaga sa iba't ibang wika sa loob ng klase ay nasa mataas na antas. Sinuri ang iba't ibang aspekto ng paggamit ng wikang Filipino, Bisaya, at iba pang katutubong wika sa pagtuturo, at lumabas na karamihan sa mga bilang ay may mataas na *mean score*, na nagpapahiwatig na ito ay madalas na isinasagawa.

Ang kabuoang *mean score* na 4.05 ay nagpapakita na ang mga guro ay madalas na nagbibigay ng espasyo para sa paggamit ng katutubong wika sa pagtuturo. Ang pinakamataas na mean ay 4.10, na nangangahulugan na ang mga guro sa bilang 4 - ay *sumusuporta sa mga estudyante upang mapanatili ang kanilang kultura at wikang kinagisnan*. Samantala, ang pinakamababang mean na 4.03 ay tumutukoy na ang mga guro sa bilang 3 - ay *nakikipag-usap sa mga estudyante gamit ang Filipino o Bisaya* sa ilang pagkakataon sa klase, ito ay ipinatutupad ngunit maaaring higit pang palawakin upang lubos na ma-integrate ang katutubong wika sa kanilang pag-aaral upang lubos na ma-integrate ang katutubong wika sa kanilang pag-aaral. Nangangahulugan na ito ay madalas na ipinapakita.

Antas ng Interes ng mga Mag-aaral sa Wika Batay sa Pansin

Ayon sa resulta ng pananaliksik, lumabas na ang antas ng pansin ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wika ay nasa mataas na antas. Sinuri ang iba't ibang aspekto ng kanilang atensyon sa pagkatuto, at karamihan sa mga bilang ay may mataas na *mean score* na nagpapahiwatig na ito ay madalas nilang ipinapakita sa klase.

Ang kabuoang *mean score* na 4.18 ay nagpapakita ng mataas na interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wika. Ang pinakamataas na mean ay 4.33, na nangangahulugan na ang mga mag-aaral sa bilang 1 – na *interesado ang mga mag-aaral na matutunan ang wikang Filipino*, habang ang pinakamababang mean ay 4.08, na tumutukoy na ang mga mag-aaral sa bilang 3 – na *interesado silang sa paggamit ng mga materyales sa pagkatuto at gusto nilang lagging magbigay pansin sa guro*. Ipinapakita nito na may pangangailangan pa ring higit pang pagyamanin ang mga estratehiya sa pagtuturo upang mapanatili ang kanilang atensyon. Nangangahulugan na ito ay madalas na ipinapakita.

Antas ng Interes ng mga Mag-aaral sa Wika Batay sa Motibasyon

Ang resulta ng pananaliksik ay nagpapakita na ang antas ng motibasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wika ay nasa mataas na antas, kung saan karamihan sa mga bilang ay may mataas na *mean score*, na nagpapahiwatig na sila ay madalas na may pagnanais na matuto ng wika.

Ang kabuoang *mean score* na 3.92 ay nagpapakita na may mataas na motibasyon ang mga mag-aaral sa pag-aaral ng wika. Ang pinakamataas na mean ay 4.02, na nangangahulugan na ang mga mag-aaral sa bilang 2 - ay *interesado matuto ng wikang Filipino sa pamamagitan ng social media*, habang ang pinakamababang mean ay 3.81, na tumutukoy sa mga mag-aaral sa bilang 1 – na *interesado ang mga mag-aaral sa pagbabasa ng mga aklat na Filipino araw-araw*. Ipinapahiwatig nito na mas epektibo ang paggamit ng mga digital na platform sa pagpapataas ng interes sa wika. Nangangahulugan na ito ay madalas na ipinapakita.

Antas ng Interes ng mga Mag-aaral sa Wika Batay sa Kasiyahan

Ang resulta ng pag-aaral ay nagpapakita na ang antas ng kasiyahan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng banyagang wika ay nasa mataas na antas; ang iba't ibang aspekto ng kasiyahan sa pag-aaral ay sinuri kung saan ang karamihan sa mga bilang ay may mataas na *mean score* na nagpapahiwatig na ito ay madalas na nararanasan ng mga estudyante.

Mula sa kabuoang *mean score* na 4.07, lumalabas na may mataas na antas ang kasiyahan ng mga mag-aaral. At ito ay may katotohanan na ang mga mag-aaral ay karaniwang nasisiyahan sa kanilang pagkatuto ng wikang Filipino. Samantalang, ang pinakamataas na mean ay 4.12 at ito ay nagpapahayag na ang mga mag-aaral sa bilang 1 - ay *interesado silang matuto ng wikang Filipino kung ang mga materyales na ibinibigay ay ayon sa kanilang kagustohan*. Ito ay nagpapahiwatig ng malakas na ugnayan ng personal na interes at kasiyahan sa pagkatuto. Samantala, ang pinakamababang mean na 4.02 ay kumakatawan sa mga estudyanteng sa bilang 2 - na *interesado silang makipag-usap sa mga kaibigan habang ipinapaliwanag ng guro ang mga materyales sa Filipino*, na sadyang ito ay madalas ding isinasagawa ngunit nagkaroon pa rin ng puwang para sa pagpapabuti. Mula sa mga resulta, nakita na ang kasiyahan ng mga mag-aaral ay maaaring higit pang mapalakas sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas madaling interaktibong gawain sa klase. Nangangahulugan na ito ay madalas na ipinapakita.

Antas ng Interes ng mga Mag-aaral sa Wika Batay sa Persepsyon

Ang mga resulta ng pag-aaral ay nagpapakita na ang antas ng pananaw ng mga mag-aaral ukol sa pag-aaral ng Filipino ay nasa mataas na antas. Ang mga mag-aaral ay may positibong pananaw patungkol sa pagkuha ng wika na nagpapahiwatig na ang kanilang interes ay naiimpluwensyahan ng kanilang pananaw sa kahalagahan ng wika at estilo ng pagtuturo ng guro.

Ang kabuoang *mean score* na 4.04 ay nagpapahiwatig ng mataas na antas ng pananaw na nangangahulugan ang mga mag-aaral ay may magandang pananaw sa pag-aaral ng wika. Ang pinakamataas na mean, na 4.12, ay nagpapahayag na karamihan sa mga mag-aaral ay sumang-ayon sa pahayag sa bilang 1 na sukat – na *interesado silang matuto na magsalita ng Filipino*, na nagpapakita na mayroon silang malakas na pagnanais na mapabuti ang kanilang mga kasanayan sa wika. Ang pinakamababang mean ay 3.94 na nasa bilang 3 – na ang mga mag-aaral ay *interesadong matuto na pag-aralan ang wikang Filipino kahit na walang guro*, na nangangahulugan kahit na

may mataas na interes, mayroong malaking puwang para sa pagpapabuti sa kanilang independiyenteng pagkatuto sa pamamagitan ng mga teknik ng indibidwal na pagtuturo. Nangangahulogan na ito ay madalas na ipinapakita.

Antas ng Interes ng mga Mag-aaral sa Wika Batay sa Aktibidad

Ang antas ng interes ng mag-aaral sa pag-aaral ng wika batay sa aktibidad ay nasa mataas na antas. Iba't ibang uri ng interaktibong *learning activities* ang sinuri, kung saan natuklasan na ang interes ng mga mag-aaral sa wika ay nadagdagan kapag ito ay ipinakita sa mas malikhain na paraan tulad ng paggamit ng mga laro, kanta, at pelikula. Ang interes ng mga mag-aaral batay sa kanilang aktibidad ay mataas, dahil ang kanilang *average score* ay 4.10 na nangangahulugang mas motibado silang matuto kapag ang mga estratehiya sa pagtuturo ay interaktibo. Ang pinakamataas na mean ay 4.14, na nagpapahiwatig na madalas tumutugon ang mga estudyante

Talahanayan 4 Antas ng Interes sa Wika

Baryabol at mga Palatandaan	Karaniwang Halaga	Deskripsyon
A. Pansin		
1. interesado akong matutunan ang wikang Filipino.	4.33	Napakataas
2. interesado akong matutunan ang wikang Filipino sa loob ng aming tahanan.	4.12	Mataas
3. interesado akong gumamit ng mga materyales sa pagkatuto at laging magbigay pansin sa guro.	4.08	Mataas
4. interesado akong tapusin ang mga takdang-aralin sa Filipino na ibinibigay ng aming guro.	4.16	Mataas
5. interesado akong tapusin ang mga takdang-aralin sa Filipino na ibinibigay ng aming guro.	4.21	Mataas
Kategorya ng Karaniwang Halaga	4.18	Mataas
B. Motibasyon		
1. interesado akong magbasa ng mga aklat na Filipino araw-araw.	3.81	Mataas
2. interesado akong matutong magsalita ng wikang Filipino sa pamamagitan ng social media.	4.02	Mataas
3. interesado akong magsalita ng wikang Filipino araw-araw.	3.89	Mataas
4. interesado akong matutong magsalita ng wikang Filipino kung mayroong kompetisyon.	3.89	Mataas
5. interesado akong sumali sa mga kaganapan o aktibidad na may kinalaman sa wikang Filipino.	4.00	Mataas
Kategorya ng Karaniwang Halaga	3.92	Mataas
C. Kasiyahan		
1. interesado akong matuto ng wikang Filipino kung ang mga materyales na ibinibigay ay ayon sa aking kagustuhan.	4.12	Mataas
2. interesado akong makipag-usap sa mga kaibigan ko habang ipinaliliwanag ng guro ang mga materyales sa Filipino.	4.02	Mataas
3. interesado ako sa mga materyales na ibinibigay.	4.11	Mataas
4. interesado akong ulitin ang mga materyales na ibinibigay ng guro.	4.03	Mataas
5. interesado akong makilahok sa mga gawain na kaugnay ng mga materyales sa wikang Filipino na tinuturo ng guro.	4.09	Mataas
Kategorya ng Karaniwang Halaga	4.07	Mataas
D. Persepsyon		
1. interesado akong matutong magsalita ng wikang Filipino.	4.12	Mataas
2. interesado ako sa estilo ng pagtuturo ng guro.	4.09	Mataas
3. interesado akong matuto ng wikang Filipino kung wala ang guro sa klase.	3.94	Mataas
4. interesado ka bang matuto ng wikang Filipino kapag may libreng oras.	4.02	Mataas
5. interesado ka bang mag-aral ng wikang Filipino kung ito ay nakasentro sa aking mga interes.	4.05	Mataas
Kategorya ng Karaniwang Halaga	4.04	Mataas
E. Aktibidad		
1. interesado akong matuto kung ang guro ay gagamit ng pamamaraan ng pagkanta upang mapabuti ang aking pagsasalita ng wikang Filipino.	4.08	Mataas
2. interesado akong matuto kung ang guro ay gagamit ng isang laro sa pagtuturo ng wikang Filipino.	4.12	Mataas
3. interesado akong matutong magsalita ng wikang Filipino sa pamamagitan ng paggawa ng grupo.	4.05	Mataas
4. interesado akong matuto ng wikang Filipino sa pamamagitan ng panonood ng pelikula.	4.14	Mataas
5. interesado akong matutong magsalita ng wikang Filipino sa pamamagitan ng mga praktikal na aktibidad.	4.11	Mataas
Kategorya ng Karaniwang Halaga	4.10	Mataas
Kabuoan	4.06	Mataas

bilang 4 – na *interesado silang matuto ng Filipino sa pamamagitan ng panonood ng mga pelikula*. Samakatuwid, mayroong malaking epekto ang audio-visual presentation sa pagkatuto ng wika. Sa kabilang banda, ang pinakamababang mean ay 4.05, na tumutukoy sa bilang 3 – na *interesado silang matutong magsalita ng Filipino sa pamamagitan ng pagtatrabaho sa isang grupo*. Iminumungkahi na kahit na sila ay may mataas na interes, mayroong pangangailangan na mapabuti ang kooperatibong pagkatuto upang mapalakas ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral. Nangangahulogan na ito ay madalas na ipinapakita.

Kabuoang Resulta ng Antas ng Culturally Responsive Teaching (CRT)

Sa kabuoan, makikita sa mga resulta ng pananaliksik na ang antas ng pagpapapatupad ng *Culturally Responsive Teaching* (CRT), na may kabuoang mean na 4.07, ay mataas. Ang antas ng CRT ay sinusukat batay sa tatlong pangunahing indikator - paraan ng pagtuturo, partisipasyon sa kultura, at pagpapahalaga sa iba't ibang wika. Ipinapakita ng mga resulta na madalas na ginagamit ng mga guro ang mga paraan ng kultura ng estudyante na nagpapahiwatig ng isang inklusibo at epektibong pamamaraan ng pagtuturo.

Talaanayan 5: Kabuohan ng Antas Sa Culturally Responsive Teaching

Indicators	Mean	Description
Pamamaraan ng pagtuturo	4.09	Mataas
Pakikilahok sa kultura	4.06	Mataas
Pagpapahalaga sa iba't ibang wika	4.05	Mataas
Kabuoan	4.07	Mataas

Batay sa datos, ang pamamaraan ng pagtuturo ay may pinakamataas na mean na 4.09. Ibig sabihin nito ay madalas na ginagamit ng mga guro ang iba't ibang estratehiya upang mas mapadali ang pagkatuto ng mga estudyante. Ipinapakita rin nito na aktibong sinisikap ng mga guro na makilala ang mga interes ng kanilang mga estudyante upang maangkop nila ang kanilang pamamaraan ng pagtuturo sa pangangailangan ng klase.

Ang kanilang partisipasyon sa kultura ay may mean na 4.06, na nangangahulugan ng madalas na pagsasama ng Contextualized Culture Teaching ng mga guro. Ang resulta ay nagpapakita na may sapat na pagsusumikap upang mapataas ang kamalayan ng mga mag-aaral tungkol sa kanilang kultura at sa ibang mga kultura, subalit may pagkakataon pang mas mapabuti ito sa pamamagitan ng higit pang pag-integrate ng mga aktibidad na may kaugnayan sa kultura.

Ang halaga ng pagpapahalaga sa iba't ibang wika ay may mean na 4.05 na nagmumungkahi na ang mga guro ay nagbibigay ng maraming suporta sa paggamit ng Filipino, Bisaya, at iba pang katutubong wika sa klase. Ipinapakita ng mga natuklasan na ang pagpapahintulot sa mga estudyante na gamitin ang kanilang wika ay isang mahalagang aspekto ng kanilang pagkatuto na nagpapalakas ng kanilang tiwala sa komunikasyon.

Bilang kabuoan, ang mga resulta ay nagpapakita na ang pagganap sa *Culturally Responsive Teaching* (CRT) ay napataas na. Subalit, upang mas maging epektibo ito ay mas makatuwiran ang tutukan ang mas malawak na pag-integrate ng kultura sa curriculum at mas pagtutok sa paggamit ng vernacular language.

Kabuoang Resulta ng Antas ng Interes ng mga Mag-aaral sa Wika

Sa kabuuhan isinasagawa na pag-aaral, ito ay nagpapakita na ang mga estudyanteng respondent ay may mataas na antas ng interes sa pag-aaral ng wika na umabot sa kabuoang mean na 4.06. Ang antas ng interes sa wika ay sinusukat batay sa limang indikeytor: pansin, motibasyon, kasiyahan, persepsyon, at aktibidad. Sa mga ganitong senaryo ang mga mag-aaral ay naisip na mabisa talaga ang kanilang mga interes at ito ang dahilan kung bakit sila ay nakikilahok sa mga activities na humuhubog sa kanilang kakayahan tungkol sa wika.

Ipinapakita ng table na ito ng *mean* at *indicators* na bawat palatandaan at ang kanilang katumbas na deskripsyon. Mula sa tsart na ito, ito ay makikita na ang iba pang respondente ay may sapat na pansin o interes sa pagtungong aralin sa wika na may mean na 4.18. Ito ay nangangahulugan ang mga mag-aaral ay mas madalas nakatuon sa kanilang pag-aaral ng Filipino at nagbibigay ng mas mataas na atensyon sa mga inihandang aralin. Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral ay may malaking interes na pagyamanin ang kanilang wika lalo na kung ang mga materyales at mga pamamaraan na ginagamit sa pagtuturo ay interesado sila.

Katulad ng nasabi, ang interes ng mga estudyante sa wika batay sa aktibidad ay may mean na 4.10, na hudyat na mas maraming estudyante ang naeengganyong mag-aral ng wika kung ang mga gawain ay mausisa at nakakalikha tulad ng: paglalaro, pagkanta, at panonood ng pelikula. Samantalang, ang interes batay sa kasiyahan ay may mean na 4.07, na lumalabas mas epektibo ang pagtuturo kapag ang mga aralin ay nakakapagbigay ng kasiyahan at magandang karanasan sa mga mag-aaral.

Talaanayan 6

Kabuohan ng Antas ng Interes sa Wika

Indikeytor	Mean	Deskripsyon
Pansin	4.18	Mataas
Motibasyon	3.92	Mataas
Kasiyahan	4.07	Mataas
Persepsyon	4.04	Mataas
Aktibidad	4.10	Mataas
KABUOAN	4.06	Mataas

Sa kabuoan, ang mga resulta ay nagpapakita na ang mga estudyante ay may mataas na interes sa pag-aaral ng mga wika, lalo na kapag ang mga estratehiya sa pagtuturo ay tila nakahuhuli ng kanilang atensyon, kasiyahan, at antas ng aktibidad sa klase. Gayunpaman, upang mapanatili at higit pang mapahusay ang motibasyon ng mga estudyante, kinakailangan na gumamit ng mga mas modernong estratehiya na malamang ay magbibigay-daan sa kanila upang magamit ang wika sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

Mahalagang Ugnayan sa Pagitan ng Culturally Responsive Teaching at Interes sa Wika ng mga Mag-aaral. Batay sa isinasagawang *inferential analysis*, napansin na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng interes ng mga mag-aaral sa wika at kanilang *Culturally Responsive Teaching* (CRT). Sa kabila ng mataas na antas ng parehong *variable*, walang ebidensyang estadistika na nagmumungkahi na ang mataas na implementasyon ng CRT ay direktang nagdadala sa mga mag-aaral na magdebelop ng interes sa mga Wika.

Talaanayan 7

Mahalagang Ugnayan sa Pagitan ng Culturally Responsive Teaching at Interes sa Wika ng mga Mag-Aaral sa Edukasyon na nasa Ikatlong-Taon

Variable	Mean	R-Value	P-Value	Decision $\alpha=0.05$
<i>Culturally Responsive Teaching</i>	4.07	-0.041	.598	H_0 Accepted
Interes Sa Wika	4.06			

Ipinapakita ng mga resulta na maaaring may iba pang mga salik na malalim na nakakaapekto sa interes ng mga mag-aaral sa wika, tulad ng personal na saloobin ng mag-aaral, impluwensya ng pamilya, paggamit ng *social media*, o pagkakalantad sa iba't ibang anyo ng *media*. Kahit na walang direktang estadistikal na ugnayan, ipinapakita ng pananaliksik na ang pagpapatibay ng pagtuturo na may kasamang kultura ay mahalaga pa rin sa pagpapahusay ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto.

Mga Karanasan ng mga Mag-aaral sa Ikatlong Taon sa Ugnayan ng Culturally Responsive Teaching at ng Kanilang Interes sa Wika

Pagpapaunlad ng Kumpiyansa sa Paggamit ng Wika. Ang ilang mga estudyante ay nahihirapan na makilahok sa klase kapag ang mga aralin ay gumagamit ng mga kontekstong kultural na hindi nila pamilyar. Isang estudyante ang nagsabi na nagiging mahirap para sa kanya na aktibong makilahok sa mga talakayan kapag ang mga halimbawa at konteksto ng guro ay labas sa kanyang kultural na larangan.

"Nagaduha-duha ko na magstorya sa klase kay mahdlok ko nga mamali akong pagpronounce nga isa sa mga nakaapekto sa akong engagement sa klase." (IDI-05)

(Nagdadalang-isip akong magsalita sa klase dahil sa takot akong magkamali sa pagbigkas ng mga salita, na nakaapekto sa aking pakikilahok sa klase.)

Bukod dito, ang ilang mga estudyante ay nagpakita ng pasibong saloobin patungo sa pakikilahok sa klase kapag ang kanilang lokal na tradisyon at kultura ay hindi kasama sa talakayan sa silid-aralan.

"Ahm naa koy hesitation sa akong kaugalingon pag masgulat gud ug sanaysay maong mahadlok ko na mo try sa mga kuan akademikong hamon." (FGD-07)

(Nagkakaroon ako ng pag-aalinlangan sa sarili kapag nagsusulat ng sanaysay, kaya naman mas nagiging hindi ako handang sumubok ng mga akademikong hamon.)

Sa kabilang banda, may mga estudyante na mas madali ang makarelate sa mga paksa na tinatalakay sa klase kapag isinasalang-alang ng guro ang kanilang kultural na pagkakakilanlan. Isa sa mga estudyante ang nagsabi na mas nakakaramdam siya ng koneksyon sa pag-aaral ng wika kapag ang kurikulum ay dinisenyo batay sa kanyang kultura.

"Kuan kapag inihahambing ko ang ahh aking kakayahan sa wika sa aking mga kaklase, nababawasan ang aking kumpiyansa na lumahok sa mga aralin." (IDI-03)

(Kapag inihahambing ko ang aking kakayahan sa wika sa aking mga kaklase, nababawasan ang aking kumpiyansa na lumahok sa mga aralin.)

Isang mas pinalawak na debate na naapektuhan ng mga sitwasyong panlipunan ay mas pinadali ng ibang mga estudyante ang kanilang pag-unawa ng mga lokal na kwento, na wi lamang halimbawa, na ginagamit sa pagtuturo ng wika.

"kanang pagpractice gud sa pakipagstorya sa akong mga classmate na mas bihasa sa wika kay nakatabang jud siya para mas motaas akong confidence sa paggamit sa wika." (FGD-02)

(Ang pagsasanay ko ng pakikipag-usap sa aking mga kaklaseng mas bihasa sa wika ay nakakatulong upang magkaroon ako ng higit na kumpiyansa sa paggamit nito.)

Kasama ng ito, ang mga mag-aaral ay nagiging mas aktibo at masigasig na nakikilahok sa talakayan kung ang mga halimbawa at diskurso sa klase ay mula sa may kwentong buhay ng estudyante.

"Ang pag-apil ug mga debate sa klase kay nagatabang sa akua na maexpress nang mas maayos ang aking mga pananaw." (FGD-04)

(Ang pagsali ko sa mga debate sa klase ay nakakatulong sa akin na maipahayag nang mas maayos ang aking mga pananaw.)

Ang mga sagot na ito ay nagpapakahulugan na ang relasyon ng aralin sa kultura at ang mga *background* ng mag-aaral ay may malalim na epekto sa pagtuturo ng wika. Ang hindi pagsasaalang-alang sa kanilang kultura ay naglalagay sa panganib na mapaghiwalay at mapahina ang motibasyon ng mga estudyante, habang ang paggamit ng lokal na konteksto ay may potensyal na dagdagan ang interes ng estudyante at pag-unawa sa wika.

Pagpapaunlad ng Kumpiyansa sa Paggamit ng Wika. Isa sa mga pinakamalaking hamon na nararanasan ng mga estudyante sa pag-aaral ng wika ay ang kakulangan ng tiwala sa pagsasalita at pagsusulat. Isa sa mga estudyante ang nagsabi na siya ay hindi komportable na magsalita sa klase dahil sa takot na magkamali sa pagbigkas ng mga salita, at nagreresulta ito sa limitadong pakikilahok sa talakayan.

"Nagaduha-duha ko na magstorya sa klase kay mahdlok ko nga mamali akong pagpronounce nga isa sa mga nakaapekto sa akong engagement sa klase." - IDI-05

Talahanayan 8

Ang mga Karanasan ng mga Estudyante sa Ikatlong-taon sa Edukasyon tungo sa Pagitan ng Culturally Responsive Teaching at sa Kanilang Interes sa Wika

Isyung Sinusuri	Pangunahing Ideya	Code/ Kategoriya	Pangunahing Tema	Teoritikal na Suporta
Mga hamon sa limitasyon ng wika at pagkakaiba sa kultura sa kapaligirang pampagkatuto	- Pakikiangkop sa mga aralin na gumagamit ng mga kontekstong pangkultura na hindi pamilyar ay nagpapahirap sa mga mag-aaral na makibahagi sa mga talakayan. - Paggamit ng mga kagamitang panturo na nakabatay sa Kanluraning kultura ay nililimitahan ang kakayahan ng mga mag-aaral na maiugnay ang sarili sa mga halimbawang ibinibigay sa klase. - Pagbabasa ng mga teksto na hindi sumasalamin sa kanilang kultura ay nakababawas sa pang-unawa at interes ng mga mag-aaral sa	Pagharap sa Hamon ng Kultural na Kaugnayan sa Pagtuturo	Pagpapalakas ng Kultural na Kaugnayan sa Pagtuturo at Pagkatuto ng Wika	Vygotsky's Social Constructivism (1934)

	• paksa. • Pakikinig sa mga aralin na hindi isinasaalang-alang ang lokal na tradisyon ay nagpapababa ng motibasyon ng mga mag-aaral na makilahok sa mga gawain sa klase.			
	• Pag-aangkop ng isang kurikulum na hindi nakatuon sa kultural na identidad ng mga mag-aaral ay maaaring magdulot ng kawalan ng koneksyon sa pag-aaral ng wika. • Pagpapalalim ng pag-unawa sa mga paksang tinatalakay ay mas epektibo kapag isinasama ang mga lokal na kwento sa mga aralin sa wika. • Paggalugad sa mga konsepto ng wika gamit ang panitikang katutubo ay nakatutulong sa mga mag-aaral na magkaroon ng mas malalim na pagpapahalaga sa pag-aaral. • Pagpapalakas ng kumpiyansa sa paggamit ng wika ay nagaganap kapag pinapayagan ng mga guro ang mga mag-aaral na gamitin muna ang kanilang katutubong wika bago lumipat sa Ingles sa mga talakayan. • Pagkilala sa mga kulturang pagkakaiba sa mga salita at ekspresyon ay nagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga aralin. • Pagpapataas ng interes sa wika ay mas nagiging epektibo kapag ang mga talakayan ay naglalaman ng mga pamilyar na halimbawang nakabatay sa komunidad.	Pagpapayaman ng Pagkatuto sa Wika sa Pamamagitan ng Kultural na Kaugnayan		
Takot at Pag-aalinlangan sa Paggamit ng Pangalawang Wika	• Nagdadalawang-isip ang mga mag-aaral sa pagsasalita sa klase dahil sa takot nilang magkamali sa pagbigkas ng mga salita, na nakaapekto sa kanilang pakikilahok. • Nakakaranas ng kaba ang mga mag-aaral sa paggawa ng pagkakamali sa gramatika, kaya't pinanghihinaan sila ng loob na ipahayag ang kanilang mga ideya. • Nag-aalangan ang mga mag-aaral sa pagsali sa mga talakayan sa klase, na naglilimita sa kanilang kakayahang magsanay at mapaunlad ang kasanayan sa wika. • Nagkakaroon ng pag-aalinlangan ang mga mag-aaral sa kanilang sarili. • kapag nagsusulat ng sanaysay, kaya't mas	Pagharap sa mga Hadlang sa Paggamit ng Pangalawang Wika	Pagharap at Pagpapalakas ng Kasanayan sa Pangalawang Wika	Self-Efficacy Theory (Bandura, 1977)

	nagiging hindi sila handang harapin ang mga akademikong hamon. • Inihahambing ng mga mag-aaral ang kanilang kasanayan sa wika sa kanilang mga kaklase, na nagiging sanhi ng pagbaba ng kanilang kumpiyansa sa paglahok sa mga aralin.			
	• Pagsasanay sa pakikipag-usap sa mga kaklaseng mas bihasa sa wika ang nakakatulong sa mga mag-aaral upang magkaroon ng higit na kumpiyansa sa paggamit nito. • Pakikilahok sa peer feedback sessions ang nagbibigay-daan sa mga mag-aaral upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagsulat nang walang takot sa paghusga. • Pagsali sa mga debate sa klase ang tumutulong sa mga mag-aaral upang maipahayag nang mas maayos ang kanilang mga pananaw. • Paggamit ng teknolohiya at mga language-learning apps ang nagpapalakas sa bokabularyo at kasanayan sa gramatika ng mga mag-aaral. • Pagtanggap ng paghihikayat mula sa mga guro at kaklase ang nagbibigay ng motibasyon sa mga mag-aaral upang magsalita nang mas madalas sa klase.	Pagsasagawa ng Estratehiya sa Pagpapalakas ng Kasanayan sa Pangalawang Wika		
Pag-aangkop ng mga pamamaraang panturo gamit ang kontekstong kultural sa pagkatuto ng wika	• Pakikilahok sa mga role-playing na aktibidad na may kasamang lokal na tradisyon ay nagpapahusay sa interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wika. • Pagdalo sa mga workshop na nagsusulong ng multilingual learning ay nakatutulong sa mga mag-aaral na pag-ugnayin ang kanilang katutubong wika at kasanayan sa Ingles. • Paggamit ng mga teknik sa collaborative learning ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng pagkakataong matuto mula sa kanilang mga kamag-aral habang pinapahusay ang kanilang kasanayan sa pagsasalita. • Pakikilahok sa mga storytelling na aktibidad na nagtatampok ng mga kultura sa rehiyon ay nagpapalakas ng interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wika. • Pagsasama ng musika at tula mula sa sariling kultura ay nagpapatibay sa koneksyon ng mga mag-aaral sa kanilang pag-unlad sa wika.	Pagtuturo ng Wika sa Pamamagitan ng Kultural Kolaboratibong Pagkatuto	Pagpapalakas ng Kontekstwal Kolaboratibong Pagtuturo ng Wika	<i>Culturally Responsive Teaching</i> (Gay, 2000)

	• Pagharap sa kahirapan sa pagkatuto ng wika ay nangyayari kapag mahigpit ang mga pamamaraan ng pagtuturo at hindi isinasalang-alang ang cultural background ng mga mag-aaral. • Paglilimita sa kakayahang epektibong gumamit ng wika ay nagaganap kapag ang pagmememorya ng mga kahulugan at tuntunin ay walang kontekstwal na pag-unawa. • Pagkawala ng gana sa pag-aaral ng wika ay lumilitaw kapag kulang sa interaksyon ang mga lektura. • Pagkabawas ng kasanayan sa pagsasalita ay nadarama kapag ang sapilitang paggamit ng pormal na Ingles ay hindi nagbibigay ng pagkakataong maisama ang katutubong wika ng mga mag-aaral. • Pagkakaroon ng hamon sa pagpapahayag ng saloobin ay nagaganap kapag ang mga pagsusulat sa pagsulat ay hindi tumutugon sa iba't ibang istilo ng pagkatuto.	Pagharap sa Hamon ng Di-Kontekstwal na Pagtuturo ng Wika		
--	--	--	--	--

(Nagdadalawang-isip akong magsalita sa klase dahil sa takot kong magkamali sa pagbigkas ng mga salita, na nakaapekto sa aking pakikilahok.)

Gayunpaman, may mga estudyante na nagpapakita ng kahandaan na makilahok sa mga talakayan sa klase ngunit hindi nakakapagtiwala sa kanilang kakayahan sa pagsusulat, partikular na sa pagsulat ng sanaysay. Ang kakulangan sa tiwala sa sarili ay nagiging hadlang para sa kanila na maging handa sa mga akademikong hamon.

"Ahm naa koy hesitation sa akong kaugalingon pag masgulat gud ug sanaysay maong mahadlok ko na mo try sa mga kuan akademikong hamon." - FGD-07

(Nagkakaroon ako ng pag-aalinlangan sa sarili kapag nagsusulat ng sanaysay, kaya't mas nagiging hindi ako handang sumubok ng mga akademikong hamon.)

Bukod dito, may mga estudyante na nawawalan ng tiwala sa kanilang kakayahan sa wika kapag inihahambing nila ang kanilang sarili sa ibang mga kaklase na mas magaling sa pagsasalita at pagsusulat.

"Kapag inihahambing ahh ko ang aking kakayahan sa wika sa aking mga kaklase, makuhaan akong confidence nga mag-apil sa mga lessons." (IDI-03)

(Kapag inihahambing ko ang aking kakayahan sa wika sa aking mga kaklase ay nababawasan ang aking kumpiyansa na lumahok sa mga aralin.)

Sa kabila ng mga hamong ito, natuklasan sa pananaliksik na may mga mabisang estratehiya na tumutulong sa pagpapalakas ng tiwala ng mga estudyante sa paggamit ng wika. Isa sa mga ito ay ang pakikipag-ugnayan sa mga kaklase na mas bihasa sa wika, na nagpapahintulot sa kanila na mas magsanay.

"kanang pagpractice gud sa pakipagstorya sa akong mga classmate na mas bihasa sa wika kay nakatabang jud siya para mas motaas akong confidence sa paggamit sa wika." (FGD-02)

(Ang pagsasanay ko ng pakikipag-usap sa mga kaklaseng mas bihasa sa wika ay nakakatulong upang magkaroon ako ng higit na kumpiyansa sa paggamit nito.)

Dagdag pa rito, ang pakikilahok sa mga debate sa klase ay isang mabisang aktibidad upang mapabuti ang kanilang mga kasanayan sa pagsasalita dahil nakatutulong ito sa kanila na ipahayag ang kanilang mga opinyon at bumuo ng malalakas na argumento.

"Ang pag-apil ug mga debate sa klase kay nagatabang sa akoo na maexpress nang mas maayos ang aking mga pananaw." - FGD-04

(Ang pagsali ko sa mga debate sa klase ay tumutulong sa akin na maipahayag nang mas maayos ang aking mga pananaw.)

Gayunpaman, ang suporta ng mga guro at kaklase ay may mahalagang papel sa pagpapalakas ng tiwala sa sarili ng mga estudyante. Isa sa mga respondente ng pag-aaral na ito ang nagsabi na ang positibong pagsuporta mula sa kanilang mga guro at kapwa estudyante ay nag-uudyok sa kanila na mas handang makilahok sa klase.

"Ang pagtanggap ng paghihikayat mula sa mga guro at kaklase ahh ay nagbibigay sa akin ng motibasyon na magsalita nang mas madalas sa klase." - FGD-01

(Ang pagtanggap ko ng paghihikayat mula sa mga guro at kaklase ay nagbibigay sa akin ng motibasyon na magsalita nang mas madalas sa klase.)

Ang mga sipi ay nagpapakita ng mga takot na nagmumula sa pangamba na gumawa ng mga pagkakamali, paghahambing sa iba, at kakulangan ng tiwala sa sarili na ilan lamang sa mga hadlang sa aktibong paggamit ng wika. Sa kabilang banda, ang pakikilahok sa mga *collaborative* na gawain, pakikilahok sa mga debate, pakikipag-ugnayan sa mga medyo mas *skillful* na kaklase, at suporta ng guro at mga kapwa estudyante ay sama-samang nagpapalakas ng kanilang tiwala upang epektibong gamitin ang wika.

Pag-aangkop sa mga Istratehiyang Culturally Responsive sa Pagtuturo. Ang pagtataguyod ng *Culturally Responsive Teaching* (CRT) ay nangangailangan ng pagpapatupad ng mga estratehiya na tumutugon sa mga pangangailangan at karanasan ng mga estudyante.

Gayunpaman, may mga pagkakataon kung saan ang mga tradisyunal na metodolohiyang pangtuturo ay nagiging hadlang sa epektibong pagkatuto ng wika. Isa sa mga karaniwang hamon na hinaharap ng mga estudyante ay ang pag-alaala ng mga kahulugan at patakaran ng wika nang walang anumang kontekstwal na pag-unawa sa mga ito.

"kanang pag memorize ug mga meaning and regulations nga walay contextual na pagsabot kay nagalimit siya sa akoo sa akoang kakayahang sa paggamit sa wika in effective way" -FGD 03

(Ang pagmememoria ko ng mga kahulugan at tuntunin nang walang kontekstwal na pag-unawa ay naglilimita sa aking kakayahang epektibong gamitin ang wika.)

Bilang karagdagan sa kakulangan ng pag-unawa sa konteksto ng wika, may ilang estudyante na humaharap sa hamon ng pagiging limitado sa paggamit ng kanilang katutubong wika sa klase, partikular ang paggamit ng Ingles. Ang napipilitang makipag-usap sa pormal na Ingles na walang pagkakataon na maipahayag ang sarili sa kanilang unang wika ay nagdudulot sa kanila ng pakiramdam na mas mababa ang kanilang kumpiyansa at natural na kakayahang sa pagpapahayag.

"Ang ahh sapilitang paggamit ng pormal na Ingles nang walang pagkakataong maisama ang aking katutubong wika ay nakakaapekto sa aking kasanayan sa pagsasalita." - FGD 05

(Ang aking sapilitan na paggamit ng pormal na Ingles nang walang pagkakataong maisama ang aking katutubong wika ay nakakaapekto sa aking kasanayan sa pagsasalita.)

Kaugnay nito, may ilang estratehiyang ilalarawan na maaaring makatulong upang mapabuti ang akdang pangwika ng mga mag-aaral sa paksa sa ibang wika kung saan maaari nilang gamitin ang kanilang katutubong wika. Halimbawa, ang daan sa mga *workshop* ay nagbigay ng tulong sa banayad na pagbabago upang makagamit ng katutubong wika, at Ingles, na nagtutulon sa pag-usapan sa *workshop*.

"Ahm ang pag attend ug mga s workshop na nagsusulong ng multilingual learning ay nakakatulong sa akin na ahh pag-ugnayin ang aking katutubong wika at kasanayan sa Ingles." - IDI-04

(Ang pagdalo ko sa mga workshop na nagsusulong ng multilingual learning ay nakakatulong sa akin na pag-ugnayin ang aking katutubong wika at kasanayan sa Ingles.)

Isa pang estratehiya ay ang *collaborative learning* na itinuturing na epektibo at ang kanyang pinakadiwa ay ang disiplina sa pagsasalita kung saan nagiging interaktibong daluyan o tagapagtuon ang mga mag-aaral. Sa mga kabataang ito, leh kung ano ang palakihin at sumali ang mga kaklase na guno sabay-sabay.

"Ang paggamit ug mga teknik sa collaborative learning ay nagahatag sa akoo ug pagkakataong matuto mula sa aking mga kamag-aral habang pinapahusay ang aking kasanayan sa pagsasalita." (FGD-03)

(Ang paggamit ko ng mga teknik sa collaborative learning ay nagbibigay sa akin ng pagkakataong matuto mula sa aking mga kamag-aral habang pinapahusay ang aking kasanayan sa pagsasalita.)

Kapansin-pansin sa mga tugon na dismayado na ipinapalagay ang tradisyunal na diskarte na nakatuon sa pagmememoria at sapilitang paggamit ng anumang wika sa pagtuturo ay umuusad sa klase bilang isang balakid, o hadlang, sa pagkatuto. Ngunit sa pag-uusap tungkol sa *multilingual learning*, *collaborative learning*, at *instructional adapting*, mas nagiging kapani-paniwala ang proseso ng pagtuturo ng wika at mas nagtitiwala ang mga estudyanteng sa kanilang kakayahang na gamitin ang wika sapagkat mabilis nilang maunawaan ang mga mensahe na nais ipahiwatig at mabilis nilang maandamin kung sariling wika ang gagamitin.

Mga Pananaw ng mga Mag-Aaral Tungkol sa Epekto ng Culturally Responsive Teaching sa Kanilang Interes sa Wika

Pakikibahagi sa Paraang Pagtuturo na Hindi Tumutugon sa Kultura. Isang sa mga pinakamalaking hamon na hinaharap ng mga estudyante habang natututo ng wika ay ang maliwanag na paghihiwalay sa kanilang kultura na may kinalaman sa mga araling natutunan sa klase. Ang kawalan ng pamilyar na mga referensya sa kultura ay nagiging hadlang sa kanilang pakikilahok at pagkatuto sa silid-aralan. Isang halimbawa mula sa isang estudyante ang nagpapaliwanag na nagiging mas mahirap na manatiling nakatuon sa isang aralin na hindi kaayon sa karanasan ng isang tao sa kultura.

"Nahihirapan akong manatiling nakatuon kapag ang mga aralin ay hindi nagsasama ng pamilyar na mga sanggunian sa kultura."

- IDI-03

(Nahihirapan akong manatiling nakatuon kapag ang mga aralin ay hindi nagsasama ng pamilyar na mga sanggunian sa kultura.)

Bilang karagdagan, may mga estudyanteng nahihirapang makipag-ugnayan sa mga materyal ng klase dahil nakatuon ito sa mas kanluraning pananaw, at sa ganitong paraan, ang pag-unawa sa paksa ay nagiging isang pagsubok para sa kanila.

"Ahh, ang paggamit ng mga materyal na batay sa Kanluran ay nagpapahirap sa akin na maiugnay ang aking sarili sa mga paksang tinatalakay sa klase." (IDI-07)

(Ang paggamit ng mga materyal na batay sa Kanluran ay nagpapahirap sa akin na maiugnay ang aking sarili sa mga paksang tinatalakay sa klase.)

Bilang karagdagan sa kawalan ng lokal na konteksto sa mga aralin, ang pagkabigo na kilalanin ang kanilang pagkakakilanlang kultural sa mga talakayan ay nagiging dahilan ng pag-aatubili sa pakikilahok. Ang pakiramdam ng pagiging sosyal na nalalayuan mula sa diskurso ay maaaring magdulot ng pagbaba ng motibasyon sa kanilang karanasan.

"Feel nako nga dili ko motivated nga mag-apil apil sa discussion kung dili ginarecognize amoang cultural identity sa mga lessons." (FGD-01)

(Pakiramdam ko ay hindi ako motibadong makilahok sa mga talakayan kapag hindi kinikilala ang aking pagkakakilanlang kultural sa mga aralin.)

Ipinapakita rin ng pananaliksik na mas madali ang pag-unawa ng mga estudyante sa mga itinuturo sa kanila kung may integrasyon ng mga lokal na kwento sa pagtuturo ng wika. Ang kawalan ng ganitong integrasyon ay nagiging hadlang sa kanilang kakayahang iugnay ang kanilang mga aralin sa kanilang karanasan.

"Kung walang ahh pagsasama ng mga lokalidad ay lokal na kwento, ahm nahihirapan akong maunawaan ang kaugnayan ng aking pinag-aaralan." (IDI-02)

(Kung walang pagsasama ng mga lokal na kwento, nahihirapan akong maunawaan ang kaugnayan ng aking pinag-aaralan.)

Bilang karagdagan sa konteksto ng kultura, pinahahalagahan din ng mga estudyante ang interaktibidad sa silid-aralan. Ayon sa isa sa mga estudyante, ang pakikinig lamang sa isang lektura nang walang aktibong pakikilahok ay nagdudulot ng kawalan ng interes sa pag-aaral ng wika.

"kanang maminaw kag mga lecture na wla guy interactive discussion kay maka feel me ug boredom sa pagkat-on mahitungod sa wika." (FGD-02)

(Ang pakikinig sa mga lektura nang walang interaktibong talakayan ay nagpapadama sa akin na nakakabagot ang pag-aaral ng wika.)

Panghuli, may ilang estudyanteng nagpahayag na ang hindi pagpayag na ipahayag ang kanilang kultura sa pag-aaral ng wika ay hindi maiwasang nagpapababa ng motibasyon. Para sa kanila, ang pagkilala sa kanilang kultura sa silid-aralan ay mahalaga sa kanilang pagkatuto.

“Para sa akin ang ahh kawalan ng puwang upang isama ang aking kulturang pinagmulan sa pag-aaral ng wika ay nagpapababa ng aking motibasyon.” (FGD-04)

Para sa akin, ang kawalan ng puwang upang isama ang aking kulturang pinagmulan sa pag-aaral ng wika ay nagpapababa ng aking motibasyon. Ang mga pahayag na ito ay nagpapahiwatig na ang hindi pagbibigay pansin sa kultura ng estudyante habang

Talahanayan 9

Mga pananaw ng mga Mag-aaral sa Edukasyon na nasa Ikatlong-Taon ng Epekto ng Isang *Culturally Responsive Teaching* at sa Kanilang Interes sa Wika

Isyung Sinusuri	Pangunahing Ideya	Code/ Kategorya	Pangunahing Tema	Teoritikal na Suporta
Pag-aangkop sa mga aralin na walang kaugnayan sa kultura	- Nahihirapan ang mga mag-aaral na manatiling nakatuon kapag ang mga aralin ay hindi nagsasama ng pamilyar na mga sanggunian sa kultura. - Pakiramdam ng mga mag-aaral na walang koneksyon ang pag-aaral ng wika kapag ang mga halimbawang ibinigay ay hindi sumasalamin sa kanilang pang-araw-araw na karanasan. - Paggamit ng mga materyal na batay sa Kanluran ay nagpapahirap sa mga mag-aaral na maiugnay ang sarili sa mga paksang tinatalakay sa klase. - Pakiramdam ng mga mag-aaral na hindi sila motibadong makilahok sa mga talakayan kapag hindi kinikilala ang kanilang pagkakakilanlang kultural sa mga aralin. - Kawalan ng pagsasama ng mga lokal na kwento ay nagpapahirap sa mga mag-aaral na maunawaan ang kaugnayan ng kanilang pinag-aaralan. - Kawalan ng puwang upang isama ang kulturang pinagmulan sa pag-aaral ng wika ay nagpapababa ng motibasyon ng mga mag-aaral.	Kakulangan ng Kultural na Kaugnayan sa Pagtuturo ng Wika	Pagharap sa mga Hamon sa Kontekstwal at Estrategikong Pagtuturo ng Wika	Sociocultural Theory (Lev Vygotsky, 1978)
	- Kinakailangang gumamit lamang ng pormal na wika nang walang pagkakataong isama ang katutubong wika ay nagpapahina sa kahusayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral. - Pagmememorya ng mga tuntunin nang walang pagsasanay sa aktwal na paggamit ay nagpapahirap sa mga mag-aaral na gamitin ang wika nang natural. - Pakikinig sa mga lektura nang walang interaktibong talakayan ay nagpapadama sa mga mag-aaral na nakakabagot ang pag-aaral ng wika. - Nakakaramdam ng kaba ang mga mag-aaral sa pagsasalita sa klase dahil ang pamamaraan ng pagtuturo ay hindi akma sa kanilang istilo ng pagkatuto.	Mga Hamon sa Pagtuturo ng Wika na Hindi Tumutugon sa Estilo ng Pagkatuto		
Kakulangan ng Kultural na Kaugnayan sa Pagtuturo ng Wika	Panonood ng mga pelikula at palabas sa telebisyon na Filipino ay nakakatulong sa mga mag-aaral na masanay sa wika dahil hindi lubos na akma sa kanila	Pagtututo ng Wika sa Pamamagitan ng Alternatibong Mapagkukunan	Pagpapalawak ng Pagkatuto ng Wika sa Pamamagitan ng Kultura	Multiliteracies Theory (New London Group, 1996)

	ang mga materyales sa klase. • Paggamit ng social media at mga online forum ay nagsisilbing paraan ng mga mag-aaral upang magsanay sa wika sa mas natural na paraan. • Pagbabasa ng panitikang katutubo ay nakakatulong sa mga mag-aaral na pagdugtongin ang akademikong pag-aaral at kanilang kulturang pinagmulan. • Paggalugad sa mga multilingual learning apps ay tumutulong sa mga mag-aaral na punan ang nararamdaman nilang kakulangan sa pagtuturo sa klase. • Pakikilahok sa mga talakayang pangkomunidad at mga kaganapang pangkultura ay nagpapalawak ng kakayahan sa wika ng mga mag-aaral nang higit pa sa loob ng silid-aralan. • Pagsali sa mga pangkat ng pag-aaral kung saan isinasama ang katutubong wika sa mga talakayan ay nakapagpapataas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral. • Pakikipagtulungan sa mga kaklase na may parehong kulturang pinagmulan ay nagpapadama ng mas kaginhawaan sa pag-aaral ng wika. • Pagsasanay ng kasanayan sa pakikipag-usap kasama ang kapwa mag-aaral ay mas pinipili kaysa umasa lamang sa pormal na pagsasanay sa silid-aralan.			
	• Paggamit ng mga kwento mula sa lokal na kultura sa mga aralin ay nagpapalakas ng koneksyon ng mga mag-aaral sa wika at nagpapataas ng kanilang kasiyahan sa pagkatuto. • Paggamit ng storytelling bilang paraan ng pagtuturo ay nakakatulong sa mga mag-aaral na mas maging aktibo at malikhain sa pagpapahayag. • Paglikha ng mga role-playing na aktibidad na may kasamang lokal na tradisyon ay nagpapataas ng pagiging aktibo ng mga mag-aaral sa pagkatuto. • Pagkilala sa mga kulturang pagkakaiba-iba sa mga salita at pagpapahayag ay nagpapalalim ng pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wika. • Pagsasama ng musika at tula mula sa sariling kultura sa mga aktibidad sa silid-aralan ay nagpapabuti sa kahusayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral. • Pagpapahintulot sa mga mag-aaral na gamitin ang kanilang katutubong wika bago lumipat sa Ingles ay nagpapalakas ng kanilang kumpiyansa sa pagsasalita. • Pagsasama ng mga pamilyar na kaugalian sa mga aralin ay	Pagp apayaman ng Wika sa Pamamagitan ng Kultural na Kaugnayan		

	nagpapalalim ng koneksyon ng mga mag-aaral sa wika. • Pagbuo ng makahulugang pagkatuto sa pamamagitan ng pagsusuri sa panitikang sumasalamain sa kanilang pamana ay nagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral. • Pagpapakita ng pagkilala at paggalang sa pagkakakilanlang pangkultura ng mga mag-aaral sa mga aralin ay nag-eengganyo sa kanila na lumahok nang mas aktibo. • Pagbibigay ng pamilyar na kontekstong pangkultura sa mga gawain sa wika ay nagpapabawas ng kaba ng mga mag-aaral sa pagsasalita.			
--	--	--	--	--

nagtuturo ng banyagang wika ay maaaring magdulot ng pagkakahiwalay, kawalan ng interes, at motibasyon sa pag-aaral. Upang tugunan ito, inirerekomenda na gumamit ang mga guro ng mga lokal na kwento, isama ang ibang pananaw sa kultura, at gawing mas interaktibo ang mga talakayan sa silid-aralan upang makapagsama at ma-motivate ang mga estudyante na matutunan ang wika.

Pagtagumpayan ang Kawalan ng Koneksyon sa Kultura sa Pag-aaral ng Wika. Dahil sa kakulangan ng integrasyon ng kulturang kinagisnang ng mga estudyante sa mga aralin, ang ilang estudyante ay nag-iimbento ng kanilang sariling paraan upang punan ang mga puwang sa kanilang pagkatuto ng wika. Isa sa mga karaniwang estratehiya na kanilang ginagamit ay ang panonood ng mga pelikula at palabas sa telebisyon na nasa Filipino, dahil mas madaling maunawaan at mas nauugnay ito sa kanilang pang-araw-araw na gawain.

“ahm nanood ako ng mga pelikula at palabas sa telebisyon na Filipino upang masanay sa wika dahil hindi lubos na akma sa akin ang mga materyales sa klase.” - IDI-04

(Nanood ako ng mga pelikula at palabas sa telebisyon na Filipino upang masanay sa wika dahil hindi lubos na akma sa akin ang mga materyales sa klase.)

Bilang karagdagan sa tradisyonal na *media*, isang makabuluhang bilang ng mga estudyante ang umasa rin sa *social media* at mga *online* na plataporma upang magsanay ng wika sa mas kaswal at impormal na *setting*. Ang paggamit ng mga *forum*, *chat groups* at nilalaman sa *social media* ay nagbibigay sa mga estudyanteng ito ng mas maraming pagkakataon na makipag-ugnayan sa ibang tao gamit ang wika.

“kuan naga salig ko sa social media ug sa mga online forum para mag practice sa wika sa paraang ah mas kanang murag natural nagud para sa akoo.” - FGD-06

(Umaasa ako sa social media at mga online forum upang magsanay sa wika sa paraang mas natural para sa akin.)

Sa kabilang banda, ang ilang mga estudyante ay naghahanap ng ibang paraan upang masaluhan ang kakulangan sa klase, tulad ng paggamit ng *interactive* na *multilanguage* na pag-aaral sa mga *computer software applications*.

“Ahh nag-eeksplora ako ng mga multilingual learning apps upang mapunan ang nararamdaman kong kakulangan sa pagtuturo sa klase.” - FGD-07

(Nag-eeksplora ako ng mga multilingual learning apps upang mapunan ang nararamdaman kong kakulangan sa pagtuturo sa klase.)

Bilang karagdagan, ang ilan pang mga estudyante ay lumalahok sa mga komuniti at kulturaktibidades upang palalimin ang kanilang kaalaman sa wika sa mas praktikal na konteksto. Ang pakikipag-ugnayan sa mga taong nagsasalita ng wika ay nagiging isa sa mga epektibong paraan na maaari nilang gamitin upang magsanay ng kanilang mga kasanayan sa wika.

“Ahh sumasali ako sa mga talakayang pangkomunidad at kanang mga events na pangkultura gud para mapaunlad ang aking kakayahan sa wika nang higit pa sa loob ng silid-aralan.” (IDI-03)

(Sumasali ako sa mga talakayang pangkomunidad at mga kaganapang pangkultura upang mapaunlad ang aking kakayahan sa wika nang higit pa sa loob ng silid-aralan.)

Samantala, may iba pang mga estudyante na mas gustong makipag-ugnayan sa kanilang mga kaklase bilang pagsasanay sa pagsasalita, dahil mas komportable silang magsanay sa isang impormal na *setting* kaysa sa tanging mga aktibidad ng silid-aralan lamang.

“kuan mas pillion nako na na magpractice sa skills na ahh makigistorya kauban akong mga fellow classmate ng kasanayan kaysa umasa lamang sa pormal na pagsasanay sa silid-aralan.” - FGD-05

(Mas pinipili kong magsanay ng kasanayan sa pakikipag-usap kasama ang aking mga kapwa mag-aaral kaysa umasa lamang sa pormal na pagsasanay sa silid-aralan.)

Sa huling bahagi, lumabas ang pag-aaral na ang *role-playing* na may lokal na mga kaugalian ay isang estratehiya sa pagpapanatili ng motibasyon na tumutulong sa interes ng mga estudyante sa pag-aaral ng banyagang wika. Pinapayagan silang mas makilala ang kanilang kultura at sa parehong oras ay mapabuti ang kanilang mga kasanayan sa komunikasyon.

“Mas nahimo kong active sa learning kapag ahh lumilikha kami ng mga role-playing na aktibidad na may ahh kasamang lokal na tradisyon.” - FGD-03

(Mas nagiging aktibo ako sa pagkatuto kapag lumilikha kami ng mga role-playing na aktibidad na may kasamang lokal na tradisyon.)

Ang mga pahayag na ito ay malawak na nagpapakita na ipinapakita nito na ang mga estudyante, anumang integrasyon ng kultura, ay maaring matagpuan na para sa kakulangan nito, subukang gumawa ng paraan upang ito'y mapunan. Maraming mga mag-aaral ang gumagamit ng teknolohiya, partisipasyon sa komunidad, pakikipag-ugnayan sa kapwa, at marami pang iba upang matuto ng isang wika sa mas makabuluhang konteksto, isa na may kaugnayan sa pang-araw-araw na buhay.

Pagbuo ng Kumpiyansa at Motibasyon. Ang kumpiyansa at motibasyon ng mga estudyante sa pagkatuto ng isang wika ay lubos na naapektuhan ng pagsasama ng kanilang kultura at *personal* na karanasan sa kurikulum. Isang estudyante ang nagsabi na lumalalim ang kanyang interes sa wika kapag ang mga halimbawa na ginamit sa klase ay may kaugnayan sa kanyang sariling komunidad.

“So, mas lumalago ang aking interes kapag ahm kuan isinasama ng kurikulum ang mga halimbawa mula sa komunidad na maaari kong ahm maiugnay sa aking sarili.” - IDI-01

(Mas lumalago ang aking interes kapag isinasama ng kurikulum ang mga halimbawa mula sa komunidad na maaari kong maiugnay sa aking sarili.)

Bukod dito, nagiging mas makabuluhan at may kaugnayan ang kanilang pagkatuto kapag ang mga aralin ay konektado sa kanilang sariling literatura at kasaysayan. Ang pag-aaral ng mga akdang pampanitikan na kumakatawan sa kanilang pamana ay nagdaragdag sa kanilang interes at pagpapahalaga sa wika.

“Mas nagiging meaningful ang amoang leraning kung ahm sinusuri naming ang mga literature nga naga reflect sa among pamana.” (FGD-04)

(Nagiging mas makahulugan ang pagkatuto kapag sinusuri namin ang panitikan na sumasalamain sa aming pamana.)

Higit pa rito, maraming estudyante ang nakaramdam ng mas malakas na koneksyon sa wika kapag ang kanilang mga guro ay gumamit ng mga pamilyar na gawain sa mga talakayan sa paksa.

“Mas ma feel nako nga connected ko sa wika kapag ano ahm isinama ng guro ang mga pamilyar na kaugalian sa mga aralin.” - IDI-05

(Mas nararamdaman ko ang koneksyon sa wika kapag isinasama ng mga guro ang mga pamilyar na kaugalian sa mga aralin.)

Binibigyan din ng pansin ng mga guro ang dalawa sa mga natukoy na epektibong estratehiya sa pagpapalakas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral, ang pagpayag sa mga mag-aaral na gumamit ng kanilang katutubong wika at ang paglipat sa Ingles o Filipino. Isang estudyanteng respondente ang nagsabi na bigla siyang naging mas kumpiyansa sa kanyang pagsasalita at kontrol sa kanyang wika dahil hindi ito ginagampanan sa isang pormal na paraan sa kanyang usapan.

“Ahm mas kumpiyansa akong magsalita kapag ahm pinapayagan kami ng mga guro na ano ahm gamitin muna ang aming katutubong wika bago lumipat sa Ingles.” - FGD-06

(Mas may kumpiyansa akong magsalita kapag pinapayagan kami ng mga guro na gamitin muna ang aming katutubong wika bago lumipat sa Ingles.)

Gayun paman, hindi lang nakatulong sa pagsasalita at tiwala sa pagsasalita na naiistrang natutunan ng mga estudyante, na nakapagpababa ng *anxiety* na kasangkot sa pag-order at pakikipag-interact sa anumang *classroom activities*.

“Mas dili ko makulbaan pag ang mga activity sa wika kay naay mga kasamang pamilyar na kontekstong pangkultura.” (IDI-04)

(Hindi ako kinakabahan kapag ang mga gawain sa wika ay may kasamang pamilyar na kontekstong pangkultura.)

Dag-dag pa, ito ay upang mas mapagtanto na ang respeto at pagtanggap na ipinapakita ng guro sa pagkakakilanlang etniko ng kanyang estudyante ay nakadagdag sa kanilang motibasyon sa pag-aaral ng wika. Mukhang mula sa datos na ang *inclusivity* ng mga guro sa kanilang pagtuturo ay nag-uudyok sa mga estudyanteng makilahok ng higit sa klase.

“Mas ma engganyo ko nga magparticipate pag ginarecognize and ginarespect sa mga teacher ang amoang cultural identity sa mga lesson.” (FGD-01)

(Na-eengganyo akong lumahok kapag kinikilala at iginagalang ng mga guro ang aming pagkakakilanlang pangkultura sa mga aralin.)

Ang mga komento na ito ay nagpapakita na ang kakulangan ng kumpiyansa at motibasyon ng mga estudyante sa pagkatuto ng isang banyagang wika ay maayos na matutugunan kapag ang kanilang kultura at *personal* na karanasan ay isinama sa pagtuturo sa kanila. Ang mga estratehiya na kasama ang kulturang pamana ng estudyante, pinapahintulutan ang paggamit ng katutubong wika, at iginagalang ang kultural na pagkakakilanlan ng mga estudyante ay napatunayan na positibong nag-uudyok sa interes ng mga estudyante at kahandaan na gamitin ang wika pakikipag relasyon at pagkatuto.

Pagpapakita ng Mahalagang Natuklasan sa Pinagsanib na Kwantitatibo at Kwalitatibo

Ang pagsusuri na isinagawa gamit ang *correlation* at *regression analysis* ay naglalayong matukoy kung mayroon bang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng *culturally responsive teaching* bilang isang *independent variable* (IV) at Interes ng mga estudyante sa wika bilang isang *dependent variable* (DV).

Ang mga resulta ng pagsusuri ay nagpapahiwatig na ang antas ng test ng kahalagahan na *p-value* ay mas mababa sa 0.05, na nangangahulugang may sapat na ebidensiya upang tanggapin ang alternatibong *hypothesis*. Sa ibang salita, ang datos na aming nakuha ay makabuluhan upang patunayan na mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pagpapatupad ng *culturally responsive teaching* at ang interes ng mga estudyante sa pag-aaral ng isang wika.

Mas mataas ang antas ng pagpapatupad ng CRT, mas mataas din ang interes ng mga estudyante sa pag-aaral ng wika. Ang mga estratehiya sa *culturally responsive teaching* ay isa sa mga kritikal na bahagi upang makuha at himukin ang mga estudyante na matuto. Kung ang *p-value* ay higit sa 0.05, hindi posible na itakwil ang *null hypothesis* at maaaring magpahiwatig na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalawang variable. Ngunit dahil ang aming *p-value* ay mas mababa sa 0.05, ibig sabihin ay may malakas na ebidensiya na ang CRT ay may direktang epekto sa interes ng mga estudyante patungkol sa wika.

Bukod sa pagsusuri ng *correlation*, isinagawa ang *regression analysis* upang subukang tantyahin kung gaano kalawak ang kayang ipaliwanag ng *culturally* ang kaugnayan ng CRT sa interes ng estudyante. Kapag mataas ang halaga ng *R-squared* nangangahulugan ito na isang makabuluhang bahagi ng pagkakaiba-iba sa interes ng estudyante ay naipapaliwanag ng CRT. Sa kabilang banda, kapag mababa ang halaga ng *R-squared*, ipinapakita nito na may iba pang mga salik bukod sa CRT na nakakaapekto sa interes ng estudyante sa wika. Dito ay binigyang-pansin na sa pagsasagawa ng *R-squared analysis*, nagpapakita na ang halaga na ito ay

Talahanayan 10
Pagpapakita ng Mahalagang Natuklasan sa Pinagsanib na Kwantitatibo at Kwalitatibo

Aspekto Or Focal Point	Kwantitatibong natuklasan	Kwalitatibong natuklasan	Likas integrasyon na ng datos	Aksiolohikal na implikasyon
<i>Culturally Responsive Teaching</i>	Ipinapakita ng talahanayan 2 sa <i>Culturally Responsive Teaching</i> sa aspekto ng tagapagpahiwatig na pakikilahok sa kultura particular sa aytem 2- nagpapakita ng interes sa aking kultura sa pamamagitan ng pagsasama nito sa aralin na may mean score na 4.09 at may deskriptibong katumbas na mataas.	Ipinapakita ng talahanayan 5 sa ilalim ng kategorya ng pagpapayaman ng pagkatuto sa wika sa pamamagitan ng kultural na kaugnayan partikular na sa pangunahing ideya 2 -nagpapahayag na ang pagsasama ng mga lokal na salaysay sa mga aralin sa wika ay nagpapataas ng kakayahang makaugnay sa mga paksang tinatalakay.	Merging-Converging	Ito ay nagsasaad na ang pagkilala at pagpapatibay sa halaga ng kulturang may kaugnayan sa pagtuturo bilang makabuluhang aspekto ng epektibong edukaasyon, na naglalayong mapabuti ang pagkatuto sa pamamagitan ng mas may kaugnayang pamamaraan.
	Sa talahanayan 3, sa aspekto ng tagapagpahiwatig pagpapahalaga sa iba't ibang wika partikular na sa aytem 3-pinapayagan ang mga estudyante na magsalita ng Filipino at Bisaya sa ilang pagkakataon na may mean score na 4.03 at may deskriptibong katumbas na mataas.	Sa talahanayan 6, sa ilalim ng kategoryang mga hamon sa pagtuturo ng wika na hindi tumutugon sa estilo ng pagkatuto partikular sa pangunahing ideya 1 na nagpapahayag na kinakailangang gumamit lamang ng pormal na wika nang walang pagkakataong isama ang katutubong wika ay nagpapahina sa kahusayan ng kanilang pagsasalita.	Merging-Diverging	Ito ay nagsasad na kinakailangan na magkaroon ng balanseng pamamaraan ng pagpapahalaga sa pormal na wika habang bigyan din ng puwang ang mga pagkakaiba-iba ng wika upang mapahusay ang pag-unawa at pakikilahok ng mga mag-aaral.
	Sa talahanayan 2, sa aspekto ng tagapagpahiwatig sa pakikilahok sa kultura partikular sa aytem 2- tumutulong sa mga estudyante na matuto tungkol sa iba't ibang kultura ng kanilang mag-aaral na may mean score na 4.0 at may deskriptibong katumbas na mataas.	Sa talahanayan 5 sa ilalim ng kategoryang pagpapayaman ng pagkatuto sa wika sa pamamagitan ng kultural na kaugnayan partikular sa pangunahing ideya 5 na nagpapahayag na pagkilala sa mga kulturang pagkakaiba sa mga salita at ekspresyon ay nagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga aralin.	Merging - converging	Ito ay nagsasaad na ang pagkatuto sa wika sa pamamagitan ng kultural na kaugnayan ay nagpapaunlad sa pag-unawa at pagpapahalaga sa iba't ibang ekspresyon ng kultura sa bawat mag-aaral.
Interes sa wika	Ipinapakita ng talahanayan 3 ang mataas na antas ng interes sa wika sa ilalim ng aspekto ng tagapagpahiwatig na aktibidad partikular sa aytem 1- Interesado ako sa pagkatuto kung gagamitin ng guro ang pag-awit bilang pamamaraan upang mapabuti ang aking kasanayan sa Filipino na may mean score na 4.08 at may deskriptibong katumbas na mataas.	Ipinapakita ng Talahanayan 5 sa ilalim ng kategoryang pagtuturo ng wika sa pamamagitan ng kultural at kolaboratibong pagkatuto partikular sa pangunahing ideya 5 na nagpapahayag na ang pagsasama ng musika at tula mula sa kanilang kultura ay nagpapalakas ng koneksyon sa pag-unlad ng wika.	Merging - converging	Ito ay nagsasad na ang pagtuturo ng wika sa pamamagitan ng kultural at kolaboratibong pamamaraan ay nagpapalakas ng koneksyon ng mga mag-aaral sa o pagpapaunlad ng kanilang pagkatuto sa wika.
	Ipinapahiwatig ang mataas na antas sa interes sa wika sa ilalim ng aspekto ng tagapahiwatig na	Ipinapakita ng talahanayan 6 sa ilalim ng kategorya ng pagkatuto ng wika sa	Merging - converging	Ito ay nagsasaad na ang paggamit ng social media bilang alternatibong

	motibasyon partikular na sa aytem 2- interesado akong matuto na magsalita ng wikang Filipino sa pamamagitan ng social media na may mean score na 4.02 at may deskriptibong katumbas na mataas.	pamamagitan ng alternatibong mapagkukunan partikular na sa pangunahing ideya 2 na nagpapahayag na ang paggamit ng social media at mga online forum ay nagsisilbing paraan ng mga mag-aaral upang magsanay sa wika sa mas natural na paraan.		mapagkukunan ay isa sa mga mabisang pamamaraan para sa matagumpay na pagkatuto ng wika ng mga mag-aaral.
	Ipinapahiwatig ang mataas na antas sa interes sa wika sa ilalim ng aspekto ng tagapagpahiwatig na aktibidad partikular na sa aytem 4- interesado akong matuto ng wikang Filipino sa pamamagitan ng panonood ng pelikula na may mean score na 4.14 at may deskripsyon na mataas.	Ipinapakita ng talahanayan 6 sa ilalim ng kategoriyang pagtuturo ng wika sa pamamagitan ng alternatibong mapagkukunan partikular sa pangunahing ideya 1 na nagpapahayag na ang panonood ng mga pelikula at palabas sa telebisyon na Filipino ay nakakatulong sa mga mag-aaral na magsanay sa wika dahil sa lubos na akma sa kanila ang mga materyales sa klase.	Merging -converging	Ito ay nagsasaad na ang panonood ng mga mag-aaral ng pelikula at palabas sa Filipino ay nakakatulong sa kanila na mapaunlad at mapahusay at kanilang pagkatuto sa wika.

napakataas ay hindi nagpapatunay ng pagkakaroon ng iba pang mas reponsibong kultura ng mga estratehiya na naroroon. Hindi ibig sabihin nito na ito lamang ang tanging salik na nakakaapekto sa resulta. Mayroon ding iba pang posibleng salik tulad ng sosyal, akademiko at indibidwal na antas na maaaring makaapekto sa interes ng mga estudyante ngunit maliwanag na ang aplikasyon ng CRT ay labis at positibong nakaapekto sa motibasyon ng maraming estudyante.

Makikita sa *Talahanayan 2* ang kabuoang resulta ng antas ng interes sa wika ng mga mag-aaral ng medyor sa Filipino batay sa atensyon. Sa resulta ang kabuoang *mean* ng atensyon ay 4.53 may diskriptibong katumbas na "Napakataas". Ibig sabihin ang atensyon bilang isang indikektor ay malinaw na laging ipinapakita ng mag-aaral ng medyor sa Filipino ang katangian na atensyon. Dagdag pa, ang atensyon ay isang epektibong paraan sa pagkatuto ng mga mag-aaral ng medyor sa Filipino. Kaugnay dito, ipinapakita sa *Talahanayan 2* na ang may pinakamataas na mean ay ang aytem 1 na "Interesado akong matutunan ang wikang Filipino" na may mean na 4.69 na may katumbas na deskripsyong "Napakataas". Ito ay nangangahulugan na taglay ng mga mag-aaral ang interes sa wika batay sa atensyon na siyang hakbang upang matutunan ang wikang Filipino. Samantalang ang aytem 2 na "interesado akong matutunan ang wikang Filipino sa loob ng aming tahanan" at aytem 3 na "interesado akong gumamit ng mga materyales sa pagkatuto at laging magbigay pansin sa guro" ay nakakuha ng pinakamababang mean na may iskor na 4.43 na may deskripsyong "Napakataas". Ibig sabihin, laging ipinapakita ng mga mag-aaral ang interes sa wika batay sa atensyon, ngunit mas mababa ito kumapara sa ibang pang mga pahayag.

Talahanayan 2

Antas ng Interes sa Wika ng mga Mag-Aaral ng Medyor sa Filipino Batay sa Atensyon

Atensyon	Mean	Deskripsyon
1. interesado akong matutunan ang wikang Filipino.	4.69	Napakataas
2. interesado akong matutunan ang wikang Filipino sa loob ng aming tahanan.	4.43	Napakataas
3. interesado akong gumamit ng mga materyales sa pagkatuto at laging magbigay pansin sa guro.	4.43	Napakataas
4. interesado akong tapusin ang mga takdang-aralin sa Filipino na ibinibigay ng aming guro.	4.56	Napakataas
5. interesado akong makipag-usap at makipag-ugnayan sa aking mga kamag-aral sa Filipino, upang mas mapabuti ang aking kasanayan sa wika.	4.53	Napakataas
Kabuoan	4.53	Napakataas

Antas ng Interes sa Wika ng mga Mag-Aaral ng Medyor sa Filipino Batay sa Motibasyon. Makikita sa *Talahanayan 3* ang kabuoang resulta ng antas ng interes sa wika ng mga mag-aaral ng medyor sa Filipino batay sa motibasyon. Sa resulta ang kabuoang *mean* ng motibasyon ay 4.22 may diskriptibong katumbas na "Mataas". Ibig sabihin ang motibasyon bilang isang indikektor ay malinaw na laging ipinapakita ng mag-aaral ng medyor sa Filipino. Dagdag pa, ang motibasyon ay isa sa mga epektibong paraan sa pagkatuto ng mga mag-aaral ng medyor sa Filipino. Kaugnay dito, ipinapakita sa *Talahanayan 3* na ang may pinakamataas na *mean* ay ang aytem 2 na "interesado akong matutong magsalita ng wikang Filipino sa pamamagitan ng social media" na may *mean* na 4.31 na may katumbas na deskripsyong "Napakataas". Ito ay nangangahulugan na laging ipinapakita ng mga mag-aaral ang kanilang interes na matutong magsalita ng wikang Filipino sa pamamagitan ng plataporma. Makikita sa datos na ang mga mag-aaral ay mayroong motibasyon. Gayunpaman, ang motibasyon ay may magandang epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Lalong lalo na sa kanilang akademikong pagganap. Samantalang ang aytem 1 na "interesado akong magbasa ng mga aklat na Filipino araw-araw" at aytem 4 na "interesado akong matutong magsalita ng wikang Filipino kung mayroong kompetisyon" ay nakakuha ng pinakamababang *mean* na may iskor na 4.18 na may deskripsyong "Mataas". Bagama't

nakakuha ito ng mataas na deskripsyon, makikita sa datos na madalas na naipapakita ng mga mag-aaral ang pagbabasa at pagsasalita ng wikang Filipino.

Talahanayan 3

Antas ng Interes sa Wika ng mga Mag-Aaral ng Medyor sa Filipino Batay sa Motibasyon

Motibasyon	Mean	Deskripsyon
1. interesado akong magbasa ng mga aklat na Filipino araw-araw.	4.18	Mataas
2. interesado akong matutong magsalita ng wikang Filipino sa pamamagitan ng social media.	4.31	Napakataas
3. interesado akong magsalita ng wikang Filipino araw-araw	4.21	Mataas
4. interesado akong matutong magsalita ng wikang Filipino kung mayroong kompetisyon.	4.18	Mataas
5. interesado akong sumali sa mga kaganapan o aktibidad na may kinalaman sa wikang Filipino.	4.21	Mataas
Kabuoan	4.22	Mataas

Antas ng Interes sa Wika ng mga Mag-Aaral ng Medyor sa Filipino Batay sa Kasiyahan. Makikita sa *Talahanayan 4* ang kabuoang resulta ng antas ng interes sa wika ng mga mag-aaral ng medyor sa Filipino batay sa kasiyahan. Sa resulta ang kabuoang *mean* ng kasiyahan ay 4.22 may diskriptibong katumbas na “Mataas”. Ibig sabihin, ang kasiyahan bilang isang indiketyor ay malinaw na laging ipinapakita ng mag-aaral ng medyor sa Filipino. Dagdag pa rito, nakikitaan ng kasiyahan ang mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral kung ito ay interesado na matuto ng wikang Filipino. Kaugnay dito, ipinapakita sa *Talahanayan 4* na ang may pinakamataas na *mean* ay ang aytem 1 na “*interesado akong matuto ng wikang Filipino kung ang mga materyales na ibinibigay ay ayon sa aking kagustuhan*” na may *mean* na 4.30 na may katumbas na deskripsyong “Napakataas”. Ibig sabihin, interesadong matuto ang mga mag-aaral na pag-aralan ang wikang Filipino kung ang mga materyales na ibinibigay ng kanilang guro ay naayon sa kanilang kagustuhan. Sa madaling salita, nagkakaroon lamang ng kasiyahan ang mga mag-aaral kung sila ay interesado na matuto. Na nagiging dahilan kung bakit karamihan sa mga mag-aaral ay nahihirapang matuto ng wikang Filipino, sapagkat ang mga materyales ay hindi naayon sa kanilang kagustuhan. Samantalang ang aytem 2 na “*interesado akong makipag-usap sa mga kaibigan ko habang ipinaliliwanag ng guro ang mga materyales sa Filipino*” ay nakakuha ng pinakamababang *mean* na may iskor na 4.11 na may deskripsyong “Mataas”. Bagama’t nakakuha ito ng mataas na deskripsyon, makikita sa talahanayan na madalas na naipapakita ng mga mag-aaral ang interes nitong gumamit ng wikang Filipino sa pakikipag-usap sa mga kaibigan. Nangangahulugan lamang na hindi gaanong gumagamit ang mga mag-aaral ng wikang Filipino bilang midyum sa pakikipag komunikasyon. Talahanayan 4

Antas ng Interes Sa Wika ng mga Mag-Aaral Ng Medyor Sa Filipino Batay sa Kasiyahan

Kasiyahan	Mean	Deskripsyon
1. interesado akong matuto ng wikang Filipino kung ang mga materyales na ibinibigay ay ayon sa aking kagustuhan.	4.30	Napakataas
2. interesado akong makipag-usap sa mga kaibigan ko habang ipinaliliwanag ng guro ang mga materyales sa Filipino.	4.11	Mataas
3. interesado ako sa mga materyales na ibinibigay.	4.17	Mataas
4. interesado akong ulitin ang mga materyales na ibinigay ng guro	4.15	Mataas
5. interesado akong makilahok sa mga gawain na kaugnay ng mga materyales sa wikang Filipino na tinuturo ng guro.	4.21	Mataas
Kabuoan	4.19	Mataas

Antas ng Interes sa Wika ng mga Mag-Aaral Ng Medyor sa Filipino Batay sa Persepsyon. Makikita sa *Talahanayan 5* ang kabuoang resulta ng antas ng interes sa wika ng mga mag-aaral ng medyor sa Filipino batay sa persepsyon. Sa resulta ang kabuoang *mean* ng kasiyahan ay 4.36 may diskriptibong katumbas na “Napakataas”. Ibig sabihin, ang persepsyon bilang isang indiketyor ay malinaw na laging ipinapakita ng mag-aaral ng medyor sa Filipino. Kaugnay rito, ipinapakita sa *Talahanayan 5* na ang may pinakamataas na *mean* ay ang aytem 1 na “*interesado akong matutong magsalita ng wikang Filipino*” na may *mean* na 4.52 na may katumbas na deskripsyong “Napakataas”. Ibig sabihin, interesado ang mag-aaral na matuto wikang Filipino. Nangangahulugan lamang na ang interes sa wika ng mga mag-aaral ng medyor sa Filipino batay sa persepsyon ay laging naipapakita. Samantalang ang aytem 3 na “*interesado akong matuto ng wikang Filipino kung wala ang guro sa klase*” ay nakakuha ng pinakamababang *mean* na may iskor na 4.24 na may deskripsyong “Mataas”. Bagama’t nakakuha ito ng mataas na deskripsyon, makikita sa talahanayan na laging ipinapakita ng mga mag-aaral ang interes nitong matuto ng wikang Filipino kahit pa na wala ang guro sa loob ng klase. Nangangahulugan lamang na kayang matuto ng isang mag-aaral ng wikang Filipino kahit na walang tulong na galling sa guro, kung sila ay interesado.

Talahanayan 5

Antas ng Interes sa Wika ng mga Mag-Aaral ng Medyor sa Filipino Batay sa Persepsyon

Persepsyon	Mean	Deskripsyon
1. interesado akong matutong magsalita ng wikang Filipino.	4.52	Napakataas
2. interesado ako sa estilo ng pagtuturo ng guro.	4.40	Napakataas
3. interesado akong matuto ng wikang Filipino kung wala ang guro sa klase.	4.24	Mataas
4. interesado akong matuto ng wikang Filipino kapag may libreng oras.	4.26	Napakataas
5. interesado akong mag-aral ng wikang Filipino kung ito ay nakasentro sa aking mga interes.	4.40	Napakataas
Kabuoan	4.36	Napakataas

Antas ng Interes sa Wika ng mga Mag-Aaral ng Medyor sa Filipino Batay sa Aktibidad. Ang antas ng interes sa wika ng mga mag-aaral ng medyor sa Filipino ay sinukat sa pamamagitan ng sarbey na talatanungan na may indikaytor na aktibidad. Ang tugon ng mga respondente sa indikaytor ay iniharap at sinuri sa ibaba. Makikita sa *Talahanayan 6* ang kabuoang resulta ng antas ng interes sa wika ng mga mag-aaral ng medyor sa Filipino batay sa aktibidad. Sa resulta ang kabuoang *mean* ng aktibidad ay 4.31 may deskriptibong katumbas na “Napakataas”. Ibig sabihin, ang aktibidad bilang isang indikaytor ay malinaw na laging ipinapakita ng mag-aaral ng medyor sa Filipino. Kaugnay rito, ipinapakita sa *Talahanayan 6* na ang may pinakamataas na *mean* ay ang aytem 3 na “*interesado akong matutong magsalita ng wikang Filipino sa pamamagitan ng paggawa ng grupo*” at aytem 5 na “*interesado akong matutong magsalita ng wikang Filipino sa pamamagitan ng mga praktikal na aktibidad*” may *mean* na 4.37 na may katumbas na deskripsyong “Napakataas”. Ibig sabihin, interesado na matuto ang mga mag-aaral ng wikang Filipino sa pamamagitan ng mga praktikal na mga aktibidad na isinasagawa sa loob ng klase. Nangangahulugan lamang na ang pagsasagawa ng aktibidad sa loob ng klase ay nagreresulta ng epektibong pagkakatatoto ng mga mag-aaral. Samantalang ang aytem 1 na “*interesado akong matuto kung ang guro ay gagamit ng pamamaraan ng pagkanta upang mapabuti ang aking pagsasalita ng wikang Filipino*” ay nakakuha ng pinakamababang *mean* na may iskor na 4.15 na may deskripsyong “Mataas”. Bagama’t nakakuha ito ng mataas na deskripsyon, makikita sa talahanayan na minsan lang naipapakita ang interes ng mga mag-aaral sa mga aktibidad na gamit ay ang pamamaraan ng pagkanta upang ang kanilang bokabularyo sa Filipino ay mapabuti.

Talahanayan 6

Antas ng Interes sa Wika ng mga Mag-Aaral ng Medyor sa Filipino Batay sa Aktibidad

Aktibidad	Mean	Deskripsyon
1. interesado akong matuto kung ang guro ay gagamit ng pamamaraan ng pagkanta upang mapabuti ang aking pagsasalita ng wikang Filipino.	4.15	Mataas
2. interesado akong matuto kung ang guro ay gagamit ng isang laro sa pagtuturo ng wikang Filipino.	4.34	Napakataas
3. interesado akong matutong magsalita ng wikang Filipino sa pamamagitan ng paggawa ng grupo.	4.37	Napakataas
4. interesado akong matuto ng wikang Filipino sa pamamagitan ng panonood ng pelikula.	4.34	Napakataas
5. interesado akong matutong magsalita ng wikang Filipino sa pamamagitan ng mga praktikal na aktibidad.	4.37	Napakataas
Kabuoan	4.31	Napakataas

Kabuohan sa Antas ng Interes sa Wika ng mga Mag-Aaral ng Medyor sa Filipino. Ipinapakita sa Talahanayan 7 ang buod ng antas ng interes sa wika ng mga mag-aaral ng medyor sa Filipino. Ang *mean* ng bawat indikaytor at deskripsyon ay kabilang sa datos na inilalahad. Ang saloobin sap ag-aaral ay may pangkalahatang *mean* na 4.32 na may deskriptibong paglalarawan na “Napakataas”. Na nangangahulugan lamang na laging ipinapakita ang interes sa wika ng mga mag-aaral ng medyor sa Filipino. Sa nakalap na datos, isiniwalat na sa limang indikaytor, nakuha ng atensyon ang pinakamataas na *mean* iskor na 4.53 na na inilalarawan bilang “Napakataas”. Inilalahad nito, na ang atensyon ay isa sa mga mahalagang aspeto upang ang isang mag-aaral ay matuto. Ipinapakita rin nito, na ang mga mag-aaral ay mayroong atensyon o nakatuon sa kanilang pag-aaral ng wikang Filipino. Samantala, nakuha naman ng indikaytor na persepsyon ang pangalawa sa may pinakamataas na *mean* iskor na 4.36 na may deskriptibong paglalarawan na “Napakataas”. Makikita rin sa kabilang banda ang indikaytor na aktibidad ang pangatlo sa nakakuha ng pinakamataas na *mean* sa lahat ng indikaytor na may *mean* iskor na 4.31 o “Napakataas” sa deskriptibong paglalarawan. Ipinapahiwatig nito na mahalaga ang pagkakaroon ng aktibidad sa loob ng klase upang ang mga mag-aaral ay maging aktibo. Dagdag pa rito, ang pagiging aktibo ay nagreresulta ng mabuting pagkatuto. Ang kasiyahan naman ang nakakuha ng pinakamababang *mean* iskor na 4.19 na inilalarawan bilang “Mataas”. Nangangahulugan lamang ito na nasa indikaytor na kasiyahan ang madalas na naipapakita ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Filipino. Naipapakita rin batay sa tugon ng mga mag-aaral na ang pagkakaroon ng kasiyahan sa pagkatuto ng wikang Filipino ay kung ang mga materyales ay naayon sa kanilang kagustuhan. Kaya malinaw sa inilalahad na datos na ang mga tinutukoy ng mga indikaytor ay laging naipapakita ng mga mag-aaral ng medyor sa Filipino.

Talahanayan 7

Kabuohan sa Antas ng Interes sa Wika ng mga Mag-Aaral ng Medyor sa Filipino

Indicators	Mean	Deskripsyon
Atensyon	4.53	Napakataas
Motibasyon	4.22	Mataas
Kasiyahan	4.19	Mataas
Persepsyon	4.36	Napakataas
Aktibidad	4.31	Napakataas
Kabuoan	4.32	Napakataas

